This is a digital copy of a book that was preserved for generations on library shelves before it was carefully scanned by Google as part of a project to make the world's books discoverable online.

It has survived long enough for the copyright to expire and the book to enter the public domain. A public domain book is one that was never subject to copyright or whose legal copyright term has expired. Whether a book is in the public domain may vary country to country. Public domain books are our gateways to the past, representing a wealth of history, culture and knowledge that's often difficult to discover.

Marks, notations and other marginalia present in the original volume will appear in this file - a reminder of this book's long journey from the publisher to a library and finally to you.

Usage guidelines

Google is proud to partner with libraries to digitize public domain materials and make them widely accessible. Public domain books belong to the public and we are merely their custodians. Nevertheless, this work is expensive, so in order to keep providing this resource, we have taken steps to prevent abuse by commercial parties, including placing technical restrictions on automated querying.

We also ask that you:

+ *Make non-commercial use of the files* We designed Google Book Search for use by individuals, and we request that you use these files for personal, non-commercial purposes.

+ *Refrain from automated querying* Do not send automated queries of any sort to Google's system: If you are conducting research on machine translation, optical character recognition or other areas where access to a large amount of text is helpful, please contact us. We encourage the use of public domain materials for these purposes and may be able to help.

+ *Maintain attribution* The Google "watermark" you see on each file is essential for informing people about this project and helping them find additional materials through Google Book Search. Please do not remove it.

+ *Keep it legal* Whatever your use, remember that you are responsible for ensuring that what you are doing is legal. Do not assume that just because we believe a book is in the public domain for users in the United States, that the work is also in the public domain for users in other countries. Whether a book is still in copyright varies from country to country, and we can't offer guidance on whether any specific use of any specific book is allowed. Please do not assume that a book's appearance in Google Book Search means it can be used in any manner anywhere in the world. Copyright infringement liability can be quite severe.

About Google Book Search

Google's mission is to organize the world's information and to make it universally accessible and useful. Google Book Search helps readers discover the world's books while helping authors and publishers reach new audiences. You can search through the full text of this book on the web at `http://books.google.com/`

AMERICAN PHILOSOPHICAL SOCIETY
HELD AT PHILADELPHIA FOR PROMOTING USEFUL KNOWLEDGE

Edward C. Carter II, Librarian

March 8, 2002

Fe Susan T. Go
Head, Southeast Asia Division
Rm. 110-G HHGL-N
The University of Michigan Library
920 North University
Ann Arbor, MI 48109

Dear Ms. Susan Go,

The American Philosophical Society is pleased to grant permission to convert the microfilm copy of the Philippine titles in our H.H. Bartlett Collection into a digital format. The efforts of the University of Michigan Library and the National endowment of Humanities to preserve, conserve and digitize it's Philippine collection will provide scholars with valuable resources previously difficult to access.

Keep us apprised of the web project's progress, and of course, feel free to contact me should the need arise.

Sincerely,

Roy E. Goodman

Roy E. Goodman
Curator of Printed Materials

Hosted by Google

Hosted by Google

CAAUA-AUANG BUHAY

NANG

Magsusugal at nacamumu-hing asal ng̃ Lasing

NG̃ TUNAY NA CUMATHA NA SI

PADRE JUAN DILAG

PÁRROCO NG̃ OBANDO AT VICÀRIO FORRANEO
NG̃ BULACAN, SUR.

ICATLONG PAGPAPALIMBAG

MAYNILA

IMPRENTA, LIBRERÍA AT PAPELERÍA
NI J. MARTINEZ
Daan Jólo Bilg. 310.—Binundoc.
1907.

Hosted by Google

Hosted by Google

1963 1918

— 3 —

D. LUIS REMEDIOS, PRESBITERO,

PREBENDADO DE ESTA SANTA IGLESIA CATEDRAL Y SECRETARIO DE CÁMARA Y GOBIERNO DEL ARZOBISPADO DE MANILA, ETC.

Certifico: que á una instancia presentada por el Presbítero D. Juan Dilag, en solicitud de licencia de impresión, S. E. I. el Arzobispo mi Señor, se ha servido decretar lo siguiente:

«Manila 13 de Junio de 1878.—Por las presentes y por lo que á Nos toca, concedemos la licencia necesaria para que se pueda imprimir el manuscrito tagalo titulado *Maralita at caqua-auang buhay nang Magsusugal at Maglalasing:* mediante á que de nuestra órden ha sido examinado, y no contiene según los censores, cosa alguna contra el dogma católico y sana moral. Líbrase por Secretaría copia certificada de este decerto al interesado y archívese original.—*Fr. Pedro Arzobispo.*—Por mandado de S. E. I. el Arzobispo mi Señor.—*Luis Remedios,* Secretario.»

Y en cumplimiento del preinserto decreto, libro la presente certificación en esta Secretaría de mi cargo á trece de Junio de mil ochocientos setenta y ocho.

Luis Remedios.

Hosted by Google

SA BABASA.

O mañga asaua at anac nang mañga mag-susugal at maglalasing.

Sa inyo ini-aalay ñgayon itong muting pinagpagalan; mula ñg matutong mag-malas nang sa tauong calagayan dito sa ibabao nang lupa; ang inyong calagayan ang siyang nagbibigay sa puso co nang di masabing calumbayan, cun sa pagbasa nito ay loobin nang Langit na ang ilan man lamang sa di mabilang na mañga mag-susugal at mag lalasing na sa mañga panahong ito,i, nagsisigala sa mundo ay macatanto nang mañga pahirap at sáquit na sa inyo,i, canilang ibinibigay, ay sulit na ang capagalan nang inyong lingcod na si

JUAN DILAG.

PANĞARAL.

Rafael, Regina, sa arao na ito
ay inyong tinangap bunying matrimonio,
at isa sa pitong linalang ni Cristo
icaguiguinhaua nang lahat nang tauo.
Sa bayang mapalad nang toua at lugod,
itong matrimonio,i, linalang nang Dios,
naguing Sacramento nang dito,i, manaog
yaong Poón nating sa mundo,i, sumacop
Manga puso ninyo,i, naguing isang tunay
sa taling mahigpit nang pag iibigan,
mula nang isumpa sa harap nang Altar
ang tapat na sinta hangang nabubuhay.
Caya nga,t, hindi na sasabihing aquin
ang ano mang bagay ninyo cundi amin,
si José, Regina, amang aariin
si Simona nama,i, inang tatauaguin.
Ipagdadasal mo na maminsan minsan
itong cay Rafael na manga magulang,
at mula sa Langit ay inyong asahan
ang bendición nila,i, inyong macacamtan.
Paquitaang lagui nang maganday loob
ang iyong asaua nang houag malungcot,
pahiran nang pauis cun baga,t, may pagod
at ang gagamitin ay uicang malambot.

Hosted by Google

At ang gagauin mo naman ó Rafael
ang iyong Regina,i, pacamamahalin,
at sasaluhan mo cun di macacain
cun may dalamhati nama,i, aaliuin.
Cun sacasacali,t, icao,i, macaquita
nang isang butihi,t, magandang dalaga,
houag titititigan at mag-iingat ca
baca manibugho yaong si Regina.
Ang pag susunuran siya nganing dapat
sa capara ninyong nagca isang palad,
at magandang loob sa bayao at hipag
gayon din sa tanang mga camag-anac.
Ang mga biyanan suyui;t, igalang
na ariing parang tunay na magulang,
sa toui touina ay pag iingatan
na houag magbigay ng capighatian.
At sa pag sasama,i, cun baga,t, sapitin
cayo,i, magca anac pacamamahalin,
at turuan naman ng dapat asalin
sa gauang mabuti agad hiratihin.
Datapoua,t, Rafael, layua,t, itulac
ang masamang viciong pag inom ng alac
na catatapunan ng munti mong pilac
na dapat gugulin sa asaua,t, anac.
At bucod sa rito ay ibinabaual
sa atin ng Dios gauang cayamuan,
caya cun iinom yaong catampatan
sa utos ng Dios ng di ca masinsay.

Hosted by Google

Sa pagca,t, cun icao,i, iinom ng̃ labis
pilit mauauala tinago mong bait,
dila mo,i, tatabil, at ang masasapit
ang maca paguica ng̃ hindi matouid.

Ng̃ maniuala ca ng̃ayo,i, iyong masdan
mg̃a mag lalasing cun nagcacapisan,
sila sila,i, ayao na mag paraanan
ng canicanilang mg̃a cahambugan.

At quiquiling quiling cun mang̃agsilacad
gumiguiríng manoc ang nacacatulad,
caya mula ng̃ayo,i, icao,i, ca-iing̃at
sa masamang viciong pag inom ng̃ alac.

At gayon din naman iyong pag ing̃atan
ang masamang vicio ng̃ sabong at sugal,
na dili miminsang pinag bubuhatan
ng̃ mg̃a pag sumpa,t, mg̃a pag tung̃ayao.

Ang maquiquita mo sa habang panahon
sa isang sandali biglang matatapon,
at nacagugulo sa pusong hinahon
¡ó masamang bung̃a ng̃ sugal at sabong!

Hosted by Google

CAPITULO I.

Ang buhay sa mundo na naca susuclam,
ay ang buhay ng̃ tauong sugarol.

Sucat ang sandaling malasin at tingnan
ang buhay na dala nitong magsusugal,
pilit mauiuicang dapat casuclaman
ang ugali niyang casamasamaan.

Sa pagca,t, sa caniyang ugali at quilos
ay nahahalatang tulad na sa hayop,
ang Dios na tunay tiquis nililimot
at ang calolaua,i, uala na sa loob.

At ang na sa loob sa gabi at arao
ang gauang magsabong ó caya mag sugal
at dahilan dito baga ma,t, binyagan
na liban ng̃ taon sa pagcocompisal.

At ang cādalasan sa sugal din dahil
sa anac, asaua,i, pabaya ng̃ tambing
at capag natalo ang puhunang angquin
ay maca tatauang lagay ay malasin.

Laylay ang cuello, cataua,i, malata
sa capoua sugarol mag mamaca-aua,
na susunod sunod na anaqui cua,
cun di pautangin aalis na bigla.

At ang tutumpahin sa asauang caban
at uusisain ang lahat ng̃ laman,
pagca may naquitang buhol na basahan,
mata,i, mandidilat at halos mangaycay.

Hosted by Google

Sa catulinan ay agad nang aasa
na bibilot doon ay pauang onzita,
bubuesan ang buhol sandaling tataua,
uiuicain olol nang maca-quiquita.

Na nag iisa man ay uusap-usap
lamán nang tampipi ay binubulatlat,
sampo nang gulanit ay inaapuhap,
pag hanap sa onza ó caya sa pilac.

Cun di macaquita,i, sandaling uupo
na anaquin baga,i, mayrong quinueuro,
¿sinong di tataua sa ganitong anyo,
alin namang tauo ang hindi bibiro?

Nguni,t, mananaog pag lamig ng arao,
ualang sasadyai,t, ualang paroronan,
capag may naquitang capoua mag susugal.
pasá sa sugalan uala mang puhunan.

At cun masalita na ang gayong dayo
sa bahay ni cuan ay siyang montero,
sa capoua sugarol tatanong nang piso
at cun dili bigya,i, tila mag tatampo.

Sa nababalita na mayroong pilac
sa mapag interés sa tauong mahirap,
ay doon dudulog na halos ma-iyac
ang sugarol natin na ¡nasauing palad!

Dito mangungutang na aamo-amo
ang dungong sugarol bihasang mangaco,
maca utang lamang cahi,t, na may tubo
treinta man por ciento,i, matamis sa puso.

Hosted by Google

Ang ipangangaco ay ang aanihin
baga man ang buquid ay uala pang tanim,
dahil naman dito ay pauutangin
ng ating mayamang ibig pa,i, may anim. (1)
At bibilangin na nang mayamang sana,i,
ang manga onzita na nag niningningan,
ang locong sugarol ay pifirma naman
sa escritura silong camamatayan.
Sa pag firmang yaon ng tontong sugarol
sa caniyang acala para lamang dahon,
yaong escritura na cun mageataon
sa caniyang asaua,i; siyang mag boborol.
Nguni,t, ualang tacot ang sugarol natin
may puhunan lamang ano mang marating,
ari ma,i, masanla ay hindi panimdim,
bucas, macalaua,i, siya,i, sisingilin.
Masayang lalacad tungo sa sugalan,
utang na salapi sucbit sa bay-uang,
ang arbol na sota,i, ng siyang abutan
hindi macatiis na hindi tayaan.
Silo palibhasa ng demoniong tacsil
aliping sugarol ay patatamain,
touing ma aarbol ang copas na anim
para ng na sacmal ang parayang pain.

---

(1) Dalauangpuo at anim na salop ang ipapasoc balang isang cavan.

Hosted by Google

Pilit mag sasabi na para nḡ caniya
ang na sa monterong bunton nḡ onzita,
sa caniyang pag tama,i, para pang Profeta
na nahuhulaan icatlong baraha.

Datapoua,t, noong iisa nḡ dampot
ang na sa monterong onzitang nag tumpoc
caniyang quinopoha,i, ¡galíng ay natisod!
sampo nḡ puhunan halos na maubos.

Dito na pahindig ang ating sugarol,
isip ay nagulo, puso,i, na lingatong,
ano pa,t, ang loob nag oorong sulong,
ibig na lumaban, ibig na omorong.

Nḡuni,t, nḡ ma-arbol ang cabayong oros
biglang napatindig anaqui sinulot,
pitong aapatin agad itinumpoc
at saca na upo na uala mang tacot.

Dito,i, inyong masdan at naca tataua
ang ugali niyang anaqui sa ita,
ang balang baraha mandi,i, sinasamba
lalo cun masilip na ang pinta,i, paa.

Dito,i, ang demonio ay napa didios
sa abang sugarol na susucot sucot
at sa balang carta ay napa susuob,
caya ang cabayo ay hindi na sipot.

Sa oras na yaon cahit si Lucifer
cun mag muc-hang cabayo,i, hahagcan mandin
nḡ abang sugarol, tampalasa,t, tacsil
baga ma,t, cristiano ang ugali gentil.

Hosted by Google

Sa pagca,t, sa caniya,i, ualang may halaga
cun di guinto,t, pilac, manoc at baraha,
at ang Dios natin cun maala-ala
cun hihingan lamang ng salapi,t, cuarta.

Ano pa,t, sa insic na caugalian
ang nacacatulad ng sa mag susugal,
na caya nanasoc sa ating Simbahan
dahil sa interés manalo sa sugal.

Oh sa tacot caya na baca samain
caya nag dadasal sa mag Inang Vírgen,
nguni,t, cun iba pa ang maguiguing dahil
malayong malayo sa sugarol natin.

Hangang dito aco,t, atin ng pag tacpan
ang iba,t, iba pang caniyang caololan;
ang cabayong oros ating pag balican
ang locong sugarol haya,t, sinicaran.

Sa dacong siemura, caya,t, na patahip
ang pusong muntic ng pilasin ang dibdib,
nguni,t, nasactan ma,i, hindi nacaimic
at sa ngalangala,i, ang dila,i, na diquit.

Pitong aapatin ipinag tuaran
camay ng montero ang siyang sumansam,
ang ating sugarol na tingin na lamang,
mahapdi sa puso di naman masauay.

Nguni,t, ng ma-arbol ang haring espada
ang dustang sugarol anaqui sumigla,
pagdaca,i, dinucot ang ualong onzita,
itinaya agad, puso,i, cumacaba.

Hosted by Google

Marahil ay nasoc sa caniyang panimdim
cun yao,i, matalo,i, ualang macacain,
binauas ang piso,t tinangnang magaling,
sa haring calaban mana,i, sa darating.

Sa paglabas nito,i, anaqui quinañon
ang nag canliliyad na subong sugarol.
tumindig sa upo lubhang mahinahon,
nguni,t, ang puso,i, parang nadudupong.

Doon sa infierno sa laqui nang hirap
sa bigat ng dusang sa puso,i, cumalat.
ang culang na lamang dibdib ay maualat,
nahihiya namang sa iba,i, pamalas.

Lalo cun mahipo,t, bulsa ay capcapin
at ualang masalang cun di pisong munting,
ibig mag hinagpis nguni,t, naninimdim
sa ganitong asal siya,i, cucutyain.

Tinipid sa dibdib itong cahirapan,
muc-ha,i, pinipilit bigyang casayahan,
nguni,t, ang dalita,i, siyang umiiral,
lalo,t, cun maisip na tadtad ng utang.

Utang na boisan ay cun maalaala
at ang escriturang finirmahan uiya,
parang dahong paláy madilao ang mata,
at cun hindi duag ay nag tulisan na.

Lalo cun maisip caniyang inutangan
caya nagca cuarta,i, parang magnanacao
sa pagca at ualang pag hahanap buhay,
cun di mag susugal sa gabi at arao.

Hosted by Google

Cun may pag aari sino mang sugarol
ang culang na lamang ay ariing poon
nĝ mayamang yaon ugaling olopong,
gaua,i, mag patubo sa habang panahon.
Nĝuni,t, pinong pino at di mahalata
ang pag papatubong caniyang guinagaua
cahit abogado ay sucat mamangha
sa mĝa paraang ipinacacana.
Ang madalas hinĝin sa pinauutang
ay quince por ciento cun baga,t, dalian,
alalaong baga cun agad bayaran
labin limang piso sa baua,t, sandaan.
Caya,t, cun manalo pinautang niya
sa arao ding yaon ay bayaran siya,
sa baua,t, sandaan tubo,i, labinlima,
¿sinong di yayaman sa ganitong quita?
Nĝnni,t, cun matalo na rito ang sopas
agad yayayaing gumaua nĝ sulat,
abang nagpautang halos na umiyac,
bunying nagcautang lalong tumitigas.
Yaong caniyang puso daig pa ang bacal
cun sa catigasan; caya,t, cun mamasdan
nag mamacaauang abang pinautang
lalong nag aalab yaong casaquiman.
Para nĝ lagari casabihan natin,
nacain nĝ cahoy, itulac bataquin,
ang mayamang saquim ito ang cahambing
ang puso ay bacal, dila ay matalim.

Hosted by Google

Bataqui,t, itulac, pilac na pautang
pilit na cacain dobleng paquinabang,
sa talas nang dila; pobreng mangũngutang
opo na nang opo icamamatay man.
Manalo,t, matalo pinauutang niya
dobleng paquinabang ay mayroon siya:
ang mayamang ito linta ang capara
tungcol sa paraang pag sipsip nang cuarta.
Nguni,t, sa paraan nang icabubuhay
nang caniyang calolouang pinababayaan,
mabuti sa caniya batang escuelaha,t,
marunong nang dasal at nag cocompisal.
Cun sa idadami nang guinto at pilac
ulo ay magaan, isip ay matalas,
cun sa pagcocompisal siya,i, gagayac
isip ay mapurol, ulo ay mabigat.
Anhin pang saysain caniyang camalian
ito,i, talastas na nang sino,t, alin man;
bucod sa rito,i, ang saquim na mayaman
mahirap bataquin sa pagcocompisal.
Pinautang niya na abang sugarol
ang idadaos cong sasabihin ngayon,
mula nang mag hirap ang camuc-ha,i, olol
na gagala-gala halos sa mag hapon.
Cun causapin mo ay susuling suling
anaqui si Cain pumatay cay Abel,
sa arao at gabi hindi magupiling
utang na bouisan ang laguing panimdim.

Hosted by Google

Muc-ha,i, mangingitim na anaqui duhat
at gugulat-gulat na para ni Judas
sampo nang magulang ibig ay mautas
ito,i, dahil lamang sa lupa at pilac.

Na inaasahang ibabayad niya
at sa pag susugal pupuhunanin pa,
caya ualang nasa itong palamara
cun di mamatay na ang ama at ina.

At cung mamatay na ang mga magulang
baga ma,t, na iyac ualang dalang lumbay,
ang ibig na lamang ay agad masamsam
cun may pag-aaring na tira,t, naiuan.

Sa lahat ng tauong sa mundo,i, gumala
sa tauong sugarol uala ng sasama,
daig pa si Cain sa pag cucuhila
sa tacao ng pilac ay ualang camuc-ha.

Judas na balita cun sa casaquiman
ay nilaluan pa nitong mag susugal,
sa pagca,t, yao,i, miminsang nag tacao
datapoua,t, ito ay hindi mabilang.

Sa cainguitan nga ng sucab na Cain
pinatay ang caniyang capatid na Abel,
ito,i, casalanang dapat macahirin,
nguni,t, higuit dito ang sugarol natin.

Uica co i, ganito ngayo,i, inyong masdan
ipaquiquita co ang catotohanan,
nguni,t, cailangang inyo munang turan
pagpatay sa capoua ¿ay cun ilang bagay?

Dalaua ngang bagay pag patay sa capua
at alin man dito ay salang daquila,
ang una,i, sa loob, na nasaing cusa
at ang icalaua,i, patdan ng hininga.

At doon sa harap ng daquilang Dios
mag nasang pumatay para ng tumapos,
ng sa capua tauong buhay na quinupcop
sugarol ay gayon ang nasa ng loob.

Ang tauong sugarol sa toui-toui na
na ma-uubusan ng puhunang cuarta,
magulang, capatid, anac at asaua,
pauang ninanasang mangamatay sila.

Ano pa,t, cun ngayo,i, dalang bibitayan
gaya baga noong si Cain ay buhay,
ang lilong sugarol tacsil at sucaban
cun sa sampong Abel mayroon ng pinatay.

Ito,i, dahil lamang sa nasang masamsam,
ininggatan nilang mga cayamanan,
¡oh tauong sugarol! ¿ano,t, icao,i, ganian
¿isip mo,i, nasaan? ¿Cristiano ba icao?

Cristiano man icao ngayo,i, tantoin mo
ang dapat sa iyo ay doon sa Joló,
umalis ca rito sa bayang Cristiano
ng houag mahaua ang campon ni Cristo.

Sa bagay na ito,i, dapat ng maalaman
itong sa demoniong mga cagagauan,
sa mga sugarol may pinayayaman
at mayroon namang sa hirap at utang.

Hosted by Google

Ang nag si si yaman ay caniyang pangdaquip
sa mga mailap, tacot na lumapit,
cun baga sa maya ay liliguid liguid
sa baraha,t, manoc nama,i, patdang tiquis.
Caya nga,t, ugali ng demoniong pusong
hangang bago bago alin mang sugarol,
ay parang bulaclac cun baga sa ibon
ang nanga tutuca sa alin mang arbol.
Nguni,t, palibhasa,i, hindi lamang sugal
ang hangad sa atin nitong tampalasan,
cun caya ang iba ay nagcaca-utang
ng di mag buhat ang sumpa,t, tacapan.
At icatututong mag nacao, mag daya
sa mga magulang ng anac at bata,
sa sugal din naman pauang nagmumula
ang balabalaqui na gauang masama.
Anac mang guinoó ay cun mag susugal
bucas, macalaua ay magtutulisan,
ó mag nacao caya itong caraniuan
caya hindi sucat na ating pag tac-han.
Na anac mahal ma,i, ating mapanood
na sa bibitayán buhay ay malagot,
ó cun sa catre man nguni,t, parang hayop
ualang ala-alang haharap sa Dios.
Itong cadalasang maguing cahanganan
ng sa mag susugal dalang pamumuhay,
¡oh tauong binyagan! ¿baquit hindi iuan?
at maghunos dili samantalang buháy.

Hosted by Google

Sucat ang sandaling isipin mo ngāyon
ang pamumuhay mo sa nag daang taon,
iyong matatantong sa sugal bumalong,
hirap mo,t, dalitang ngāyo,i, suson-suson.

Sa puso mo,i, uala ang capayapaan
at ang bumalabal ay cabalisahan
ang aua sa capoua sa iyo,i, naparam
at ang humalili ay ang casaquiman.

Pag ibig sa Dios sa iyo,i, napaui
at dinidios mo,i, guinto at salapi;
caya naman ngāyo,i, icao ay palagui
sa sinapupunan ng dusa,t, pighati.

Sa pagca at ito ang ganti at bayad
sa sino mang tauong sa sugal mababad,
nitong dinidios na guinto at pilac
sa puso mo,t, loob ay nag papahirap.

Dangān ngā sa sugal icao,i, nagca ganian
na ngāyo,i, totoong labis catamaran,
sugal din ang dahil caya ang lansangān
sa arao at gabi siya mong tahanan.

Ualang iba cun di sugal din ang dahil
anac mo,t, asaua,i, caya di na pansin,
cahit magcasaquit ó hindi cumain,
lumaqui man mangmang ay di mo panimdim.

Dito ngā sa mundo,i, uala ng desgracia,
gaya ng dalaga na magca asaua
ng isang sugarol na cahit maganda
ay muc-hang demonio ang puso,t, caloloua.

Hosted by Google

Sa uica cong ito,i, ga nangagsibulong
ang mga dalagang dito,i, natitipon,
¿papaano cami cun mag cacagayon,
bihirang lalaqui ang hindi sugarol?
Sa inyo aco,i, di maquipag taltalan,
ó mga dalagang dito,i, napipisan,
yaring sasabihin ay inyong tandaan
at sa balang araw,i, paquiquinabangan.

Hosted by Google

CAPITULO II.

Ang ligaya at catouaan ng̃ asaua ng̃ sugarol ay madaling nauauala, at ang biglang humahalili ay ang matagal na hirap at cadalamhatian.

Sa bayang Malabon ang sabi ni caca (1)
may isang dalagang balita sa ganda.
sa isang sugarol napacasal siya
¿sinong aapula? ito,i, gusto niya.

Sabihin ang toua ng̃ sila,i, macasal,
baquit ang esposo niya ay mayaman,
magandang lalaqui catauan ay timbang
at cun cumastila,i, tila cumucunday.

May dalauang buan ang caniyang sugarol
sa canilang bahay tila iquinulong,
toua ng̃ asaua,i, ualang casing gayon
baquit sa caniya,i, marunong umayon.

Sa bagay na ito nasabi niya
ang caniyang estado ay para ng̃ gloria,
manang isang arao sila ay nagsimba
esposo,i, nauala matapos ang misa.

Omoui na siya sa canilang bahay
ang puso at loob ay quinacabahan,
maca hapon sila ay siyang pagdatal
ng̃ caniyang esposong sa mata,i, naualay.

(1) Ang capatid ó pinsang matanda ng̃ mg̃a magulang ng̃ nagsasalita.

Sinalubong niya ng masayang muc-ha
ang esposong sinta muc-ha,i, namumutla,
tatanungin sana cun saan nagmula
nguni,t, pagpasoc pagdaca,i, nahiga.

Parang isang pusang ga naca baluctot
parang isang asong hindi man nag Cruz,
ang caniyang sugarol sa laqui ng pagod
ay di man nalaon agad nacatulog.

Ng siya,i, maguising quina-umagahan
ang caniyang sugarol na sa capit bahay,
at noong tauaguin sa pag-aalmusal
sagot ay uala na,t, dumayo ng sugal.

Aug sagot na ito,i, parang isang culog
sa ating babaing ga tila na odlot,
omoui sa bahay noo,i,. nacacunot
ibig na omiyac sa ina,i, natacot.

Nagualang bahalang nasoc sa mirador
quinuha ang tahi sa loob ng baol,
nguni,t, cun maisip ang caniyang sugarol
ay nabibitiuan ang tangang carayom.

Na isipan niya,i, libro ay cunin
Matouid na landas ay caniyang basahin,
upang mapayapa ang caniyang panimdim,
parang binabayo anoman ang gauin.

Lumapit sa mesa na quinalalaguian
cahon ay binatac marahang binucsan,
ang ating babai, biglang na pahiyao
at nagpacun-uaring na impit ang camay.

Hosted by Google

At ipinaquita sa caniyang capatid
baga man at uala na cagurlis gurlis
at ng̃ matapos na ay nasoc sa silid
sumandal sa suloc at ibig manang̃is.

Inimpit sa dibdib at hindi umiyac
ang babai nating puso,i, mabibiyac,
dahil sa ang ina ay nag tatatacap
ang sugarol niya,i, siyang hinahanap.

Nag con-uari siyang ga di nadidinḡig
at capagcaraca,i, lumabas sa silid,
cumuha ng̃ panyo at saca nagtapis
at dadalao dao doon sa may saquit.

Ng̃uni at hindi, at doon tumumpa
sa bahay ng̃ caniyang mutyang iniina,
capagdating doon nanang̃is pagdaca
at cahit tanung̃in ay hindi mag badia.

Omoui sa bahay pag lubog ng̃ arao
ang ina ay uala,t, napa sa Bulacan,
inalis ang tapis at saca nanung̃ao
at nang̃alumbabang tila nauaualan.

Di naman nalaon agad sa papanhic
ang canyang dicheng (1) nagcacang gagalit
at itinatanong cun sinong suitic
nuha ng̃ cuartang caniyang iniligpit.

---

(1) Ang pang̃alauang capatid na babai.

Tatlong carrochocho aniyang na sa cahon
isang daang piso baua,t, isa noon,
asaua mo lamang ang siyang sugarol
siya ang nagnacao caya uala ngayon.

Caniyang isinugal at ang marahil pa
hindi yaon lamang ang ninacao niya,
caya pala icao na sigaô cangina
nauala sa cahon nacatagong cuarta.

Hindi nacahuma ang babai natin
ang luha sa mata,i, ga butil ng asin
at noong humapo,i, hindi macacain
sa dahas ng dusa sa asaua,i, dahil.

At magdamag halos na di nacatulog
at ang sinisisi ang sariling loob,
ganito rin lamang mabuti pang lubos
tangang hiningga co ngayon ay matapos.

Cun ngayo,i, namatay mabuti pang tambing
anitong babai na dadaing daing,
ang aquing asaua di na aco pansin
at ang sotang bastos mahal pa sa aquin.

Cun ang asal niya,i, di rin mag-iiba
malagot na ngayon ang tangang hininga,
sapagca at di co ito mababata
mahal pa sa aquin manoc at baraha.

Ipina caniya co boo cong pag-ibig
saca ngayon aco,i, di ibig masilip.
libong camatayan ¿nasaan mga Langit,
baquit nababatang buhay co,i, lumauig?

Hosted by Google

Tunghan mga Langit yaring calagayan
sa cahirapan co,i, ¿sinong dadaingan?
aco,i, nahihiya sa aquing magulang
hindi nila gusto,i, aco,i, napacasal.

Buquid ma,i, masanla pilac ma,i, maubos
ang bagay na ito,i, titiising lubos,
nguni,t, sa buhay co ngayo,i, ang lalagot
pagdidili-dili ng palad cong capos.

Baquit caya aco nacapacasal pa
at di co sinunod ang hatol ni ina,
sa tauong sugarol houag cang mag-asaua
siya,i, hangang dito, ó mga dalaga.

Cayo namang lahat ang magsabi ngayon
cun pacacasal pa sa tauong sugarol.
¿baquit baga cayo ay ayao tumugon
dinadaan aco sa pabulong bulong?

Isip yata ninyo,i, di co natatalos
ang sa aqui inyong ibig na isagot
mga noó ninyo,i, ¿ano,t, nangag cunot?
¿cayo ba sa aquin ay nanga popoot?

Aquing sasabihin at ng maalaman
ng lahat ng tauong dito,i, napipisan,
na ang bulong ninyo ay ang catotoran
sa tauong sugarol cayo,i, pacacasal.

Cotouiran ninyo,i, siyang calacaran
hangang bagong tauo,i, hindi nagsusugal,
ugaling pang-silo sa cadalagahan
at cun macasal na,i, sugal gabi,t, arao.

Yaon ngā,i, totoo,t, quita ng mata co
siyang caraniuang pangsilo sa inyo,
nguni,t, ¿baquit caya pahuhuli cayo
at hindi magmasid bago pa o-oo?

Sa panahong ito,i, dapat ninyong masdan
pati ng canila na mga magulang,
sa bagay na ito cayo,i, cararahan
minsang magcamali dala hangang hucay.

Naligao sa inyo,i, di man magsusugal
cun baga,t, sugarol ang mga magulang
ang bahay ma,i, bato, lupa ma,i, maluang
sa canilang anac ay houag pacasal.

Sapagca,t, ang anac capagnacasal na
pilit magsusugal capara ng ama,
palibhasa,i, ito ang siyang naquita
sa amang sugarol mulang magca mata.

Nguni,t, cun mabait ang mga magulang
sa puso ay lason ang sabong at sugal;
saca ang anac cun ganito ang asal
cun cauri ninyo cayo ay pacasal.

Dapoua,t, mabait man ang ama at ina
cun baguntauo pa ay nagsusugal na,
cai-ingat cayo ó mga dalaga
ng houag sapitin ang hirap at dusa.

Ayon sa aral co ay isipin ngayon
cun pacacasal din sa tauong sugarol;
samantala nama,i, aquing itutuloy
narating na buhay, babaing Malabon.

Hosted by Google

CAPITULO III.

Ang pag cacasaquit ng̃ asaua ng̃ sugarol, at cun caya nag casaquit ay dahil sa mg̃a pag susugal ng̃ asaua.

Sa isang madilim malungcot na silid,
babaing Malabon doon tumatang̃is,
asauang sugarol lumimot mang tiquis
sa arao at gabi siyang na sa isip.

Lalo,t, cun dumating oras ng̃ pagcain
sa puso ang dusa,i, bagcos tumitiim,
ang caniyang sugarol ang pinapanimdim
inaala-ala baca di na cain.

Cahit nalalayo,i, siyang ala-ala
ang cabiac puso na caniyang asaua,
inaasam-asam na maquita niya
papaui ng̃ dusang laguing binabata.

Samantalang siya ay aantay-antay,
caguiat sa sisipot asauang na ualay,
may siyam na arao na uala sa bahay
at noong omoui ay tadtad ng̃ utang.

May dalauang arao na hihiga-higa
saan man ma-upo ay naca tung̃ang̃a,
mana,i, sa darating sa babaing ima (1)
ang caniyang sugarol pagdaca,i, nauala,

(1) Ang ina: gayon ang tauag ng̃ mestizong insic.

Hosted by Google

Pati naman siya ay nahiyang lubos,
nguni at cusang binuhay ang loob,
ina,i, sinalubong at saca naniaog
may dalauang arao na hindi sumipot.

Ano pa,t, ang buhay ng ating babai
hiya,t, dalamhati sa arao at gabi,
nguni,t, ang halos caniyang ipag bigti
cun siya,i, sisihin niyong caniyang diche.

Lalo cun dumating mga maniningil
na cun magca minsa,i, may dalang aguacil,
ang ating babai halos himatain
ó iiyac cayang tila batang munting.

Sa hiya sa ina,i, caniyang naisipan
ang gumaua sila ng sariling bahay,
ng namamahay na,i, lalong cahirapan,
asaua sa bahay nag lagay ng sugal.

Arao gabi halos hindi inaca tulog
sa mga sugarol siya,i, na popoot,
capag ang usapa,i, ang lipad ng manoc
sa boong magdamag ay hindi matapos.

Madalas maisip ang siya,i, lumayas
magtauid ng dagat at dalhin ang anac,
sa guinanon-ganoon siya ay nilagnat
na hibang ang isip at nag papangusap.

¡Oh mga dalaga! ngayon ay paquingan
ang caniyang salita noong siya,i, hibang,
baga man di ayos may catotohanan.
sa inyo,i, marami ang tinatamaan.

Hosted by Google

Aco sana, aniya,i, dalaga pa ngāyon
at uala sa camay ng̃ isang sugarol,
dang̃a,t, yaong matandang con-uari indapon
inulucan acong mag pasial cun hapon.

Caya pala gayon siya,i, casapacat
aco sa sugarol ipacacausap,
maquita co ito aco ay nagulat
tacot co sa caniya ay ualaug catulad.

Caya ng̃a at aco,i, hindi na nanaog,
pati sa matanda aco ay na poot:
manang isang arao ito,i, sa sisipot
na may dalang sulat sa aqui,i, ini-abot.

Tacot co cay diche na baca mamasdan
ay isinucbit co sa aquing bay-uang,
tica ng̃ loob co,i, itapon sa calan,
dumating si ima aco,i, inutusan.

Aco ay sumunod na nag mamadali
ang baro ni ima ay aquing tinahi,
at aco,i, nahiga noong matanhali
sa isang camapeng cababagong yari.

Sa init ng̃ arao na na sa taluctoc
anomang gauin co ay di macatulog,
sa bagay na ito ga aco na poot
aco ay nag bang̃ot sa mirador nasoc.

Aco ay na upong inaalinsang̃an
na hindi macali sa init ng̃ arao,
mana,i, na isip co sulat sa bay-uang
quinuha cong bigla at aquing tiningnan.

Hosted by Google

Ang boong tica co,i, pupuniting agad
camay co,i, na urong nĝ aquing mamalas,
ang doradong papel, letrang parang limbag
pati nĝ puso co,i, ga tila na bihag.

Caya nĝa at aquing bubuesan na sana
nĝuni,t, napatiguil nĝ maala-ala,
na baca cun buesa,i, ipag cacasala
ano pa,t, dibdib co ay cumacaba-caba.

May tatlong minutos aco,i, nacahilig
at ang dapat gaui,i, aquing iniisip,
caguinsa-guinsa co,i, si diche pumanhic
ang sulat na nama,i, aquing isinuebit.

—Gayon pala,t, icao,i, nag aagam-agam
ang sagot nĝ isang sa caniya,i, dumalao:
¿baquit di sa Vírgen icao,i, nanauagan
ito nama,i, iyong dating nalalaman?

Na sa caniya tayo dapat na lumapit
sa ano mang tuesо na pumipiyapis,
sa pagca at siya,i, Inang matangquilic
na husay sa ating nagugulong isip.

¿At di bagá siyang dati mong sacdalan
sa madlang panĝanib ay dinadainĝan?
sa tuesong lumapit ¿baquit nalimutan
at hindi sinambit ang caniyang panĝalan?

Tayo nĝang babai ang idinuctong pa
ang pinaparisa,i, ang nunong si Eva,
na sa pag mamalas bunĝa nĝ manzana
ang sang catauohan ay napalamara.

Hosted by Google

Nauili ang matá, manzana,i, malasin
ang utos nḡ Dios nalimutang tambing,
at ang naguing dulo,i, pinitás, quinain,
ganito rin naman mḡa asal natin.

Nḡuni,t, aanhin pa ang lahat nḡ iyan,
dugtong nḡ dumalao sa babaing hibang,
ualin mo sa loob siyang catampatan
at higupin nḡayon alay cong nilugao.

«Ang sulat na yaon noong aquing bucsan,
sigao nḡ may sáquit na ayao tumahan,
tinica nḡ loob babasahin lamang
di isasa-isip ang napapalaman.

Noong mabasa co ay aquing pinunit
at aco,i, nanahing lubhang matahimic,
¡aba,t,! ang damdam co ay tila naguhit
sa ala-ala co doo,i, naca titic,

At ang aquing loob ay ga natotoua
sa puring sa aqui,i, doo,i, itinudla,
lalo sa sinabing aco,i, parang Tala,
aco,i, nanḡinḡiti di man quinucusa.

Gayon din sa uicang aco rao ang Venus
ligaya nḡ caniyang may hapis na loob,
aquing nasasabing datihang mag hambog
nḡuni,t, ang puso co,i, tila nalulunos.

Caya nḡa,t, cun minsa,i, aco,i, mapasandal
tinatahing baro ay binibitiuan,
pinunit na sulat ang siyang titingnan
at sasarili co,i, nasasabing sayang.

Hosted by Google

Sampo nḡ poot co,t, galit sa matanda
magmula na noon sa puso,i, nauala,
maca salitaan ang siya cong nasa
ang matandang yaong naguing pulo,t, gatà.
Caya nḡa,t, saan man mamasda,t, maquita
pagdaca,i, ibig cong macausap siya,
—Pacli nḡ dumalao iya,i, itahan na
at iyong higupin linugao sa tasa.
At saca nagsabi ang dalagang dalao
ang lahat na sulat na palasintahan,
sa mḡa babai parang isang sundang
capagca binasa,,i puso,i, masasactan.
Ang baua,t, letra, baua,t, panḡunḡusap
isa namang laso,t, mabisang camandag,
na sa ating loob ay naca-aagnas
caya nḡa ang dapat tayo,i, caiinḡat.
Nḡuni at maanong iyo nḡ higupin,
ahing cong nilugao iyong masarapin
at ang asaua mo,i, houag panimdimin
marahil ay bucas siya ay darating.
¿Sino bang may sabi? tanong nḡ may saquit
na uala ang hibang: asaua,i, marinḡig,
tinangnan ang tasa labi iquinapit
saca ang nilugao pagdaca,i, sinipsip.
—Diche mong may sabi sagot nḡ dumalao
at ang asaua mo,i, nasa sugalan dao,
batac na sa baro ay naca taanan
siya rao nahiyang canyang pag susundan:

Hosted by Google

"¿Baquit ang sabi mo,i, bucas ay ooui?
sigao nḡ may saquit nacagat ang labi,
nḡ yao,i, madinig ay nahibang uli,
dalagang dumalao lumayo nḡ munti.

At saca nagsabi, «aniya,i, mula noon
ang loob co,t, isip tila nililindol,
manḡangalumbaba cun madacong hapon
at sa casayahang puso,i, umuurong.

Sa aquin sa mundo,i, ualang may halaga
cun di ang diche co,t, minumutiang ima,
ang sulat na yao,i, mula nḡ mabasa
hindi co maalaman cun baquit na iba.

Na sa unti-unti sa puso,i, naparam
cay ima,t, cay diche aquing pagmamahal,
muntíng causapin ay sinasauaan
at ang naibig co,i, matandang bulaan.

Siyang macausap laguing macapulong
hindi co malaman ¿baquit aco gayon?
baquit ang matanda na parang olopong,
sinusundan aco saan man paroon.?"

—Yaon ang olopong aniya sa infierno,
pacli nḡ dumalao na ang dala,i, baso,
tumucso cay Eva doon sa Paraiso,
caya napahamac ang lahat nḡ tauo.

Nḡuni,t, nḡumanḡa ca at iyong tangapin
tubig sa cuchara ay iyong laguquin,
—"Ang matandang yaon ang uica sa aquin,
sabad nḡ may saquit na ayao tumiguil.

Hosted by Google

Cahit dao sugarol bagong tauo niya,
nguni at marunong may bait na sadya
hindi rao maluat iuan ang baraha
cun ang may cataua,i, talagang ayao na.
At bucod sa rito uica rao matibay
di na mag susugal cun baga,t, macasal:
ang matandang yao,i, inam magbulaan
caya pala gayo,i, sugarol din naman.
¿Di ba ito, aniya ay gauang maganda
at icatotoua ng Dios na Ama,
na cun icao,i, siyang maguing palad na
dahilan sa iyo ay bumait siya?
—Ang matandang yao,i, datihan mamansing
pacli ng dumalao casabay ang iling,
caya,t, nalalamang mainam na pain
sa mga dalaga,i, ang cami,i, purihin.
— Marinig co yaon dugtong ng may saquit,
ga aco natoua, ga aco,i, na hapis»
sagot ng dumalao, Jesús María y Joséf
manong itahan mo iyang iyong bibig.
Ang toua mo,t, hapis ng icao,i, dalagang
nililigauan pa ng iyong asaua,
sa oras na ito,i, limuting lahat na
lalo,t, cun bumalong sa nagauang sala.
At ang iyong gaui,i, ngayo,i, pagsisihan
at si Magdalena,i, siya mong tularan;
luhang inihugas sa pusong na dumhan
ng sa mundong hibo,t, malicmatang layao.

Hosted by Google

Lahat nǧ nangyari sa pagcacasala,
ariing pangpucao at pangpa-alaala,
na icao,i, magsisi: caya magsisi na,t,
tuloy magcompisal; nǧ matahimic ca.

Ang iyong asaua,i, tila co na voces
caya inumin na yaring tangang tubig,
aniya ¿ay nasaan? tanong nǧ may saquit
baso,i, hinauacan at anyong titindig.

Nǧ di maca tindig ay quinucharahan
ang abang may saquit, muc-ha,i, culay bangcay,
halos pagcainom dumating sa bahay
ang caniyang diche, médico,i, casabay.

Médico,i, umupong sumandal sa dingding
camay nǧ may saquit tinangnang magaling,
mata,i, itinaas, casabay ang iling
at saca nag utos asaua,i, tauaguin.

Sa utos na ito, diche napatindig
lumabas pumasoc na anaqui tulig,
sa guinanon ganon, caguiat sa papanhic
yaong iniina nǧ abang may saquít.

Guinaua nǧ diche tinangnan sa camay
at silang dalaua nupong nag agapay
at saca nag usap nǧ lubhang marahan,
inǧat sa may saquit sila,i, mapaquingan.

¿Iyo po bang alam? ang sa dicheng tanong
cun saan naroon bayao cong sugarol,
ipinatatauag nǧ médico nǧayon
hindi co malaman cun saan naroon.

Hosted by Google

Mula nǧ umalis may sampuo nǧ arao
ni minsan man lamang ay hindi sumilay,
baquit po si ima nǧayo,i, nararatay
aco,i, nag iisa na cacauay cauay.
Baquit po anganac na aquing pamangquin
totoo pang ayaó cumain nǧ canin,
ang sisiua nama,i, hindi pa dumarating
hindi co malaman cun ano ang dahil.
—Ang sa iniina na sa diche,i, tugon
ay aquing naquita ang bayao mong sugarol,
dala dala,i, manoc cahapon nǧ hapon
ang sabi nǧ tauo ay naquipag sabong.
Sabi isinanla ang bahay at solar
at cahapon dao ay siyang pinuhunan,
nanalo ang manoc ay ang na isipan
canǧinang umaga,i, dumayo nǧ sugal.
At di co malaman cun saan dumayo
nagcacarromata ang sabi nǧ tauo,
hindi maquilala cun sinong cochero,
nǧuni,t, ang sabiha,i, tila taga Tondo,
Bunying iniina,i, may sasabihin pa
nǧuni at ang diche,i, tumindig pagdaca,
sa pagca,t, namasdang tinatauag siya
nǧ caniyang capatid may luha sa mata.
Nǧ siya,i, malapit pagdaca,i, niyacap,
hinagcan ang camay luha,i, nalalaglag,
at hindi na hibang mahusay mangusap,
«aniya, capatid co, buti niyang palad,

«Sa canitang ima ay nagsisilbi ca)
icao,i, ang caniyang alio at guinhaua,
nguni,t, aco nama,i, pauang sáquit dusa,
mula ng macasal ang ganti sa caniya.

«¿Diyata nga baga,t, aco,i, mamamatay
ang camay ng ima,i, hindi mahahagcan?
parusa sa aquin ng Poóng may capal
ualang tanong tanong aco,i, napacasal.

«Sa ganda ng loob ng ima ta diche
uala sa gunitang ito,i, mangyayari,
na sa siping niya,i, hindi matatabi
¡oh ito ang hirap! cun madilidili.

«Aco,i, nagcasala nguni,t, pinatauad
ang caniyang camay pinahagcan agad,
tinangap sa bahay ang puso,i, maluag
at minahal uli, palibhasa,i, anac.

«Caya,t, sa loob co,i, uala ng camuc-ha
ang calagayan co sa balat ng lupa:
—pacli ng dumalao ay tila gayon nga
caya,t, sinabi mong gloria ng mistula.

—¿Baquit baga iyan? ang sa dicheng turing
sa oras na ito,i, siyang uuncatin,
—ang sa iniina, icao ay cumain
bucas magaling ca, cun loob ng Vírgen.

«Hindi canin mandin icagagaling co,
tugon ng may saquit na nagcang uubo,
nguni,t, ang nasa co,i, cun siyang matamo
gagaling po acong totoong totoo.

Hosted by Google

«Si ima,i, may saquit ngāyo,i, nararatay
nasa cong masaquit siya,i, pagsilbihan
cun ito,i, siya co ngāyon ay macamtan,
dibdib ay luluag cataua,i, huhusay.

«Caya pamanhic co aco ay buhatin
sa bahay ni ima aco,i, iyong dalhin,
cun siya,i, na ubo,i, aquing dadacutin:
sa uinicang ito, médico,i, umiling.

—Icao ay umayon hatol ng̃ dumalao,
sa Dios na Poón calooban iyan,
ng̃ caming dalaga,i, mayroong pagcunan
sa mga panahong tueso,i, umiiral.

At ng̃ cami houag agad ng̃ susulong
biglang pacacasal ualang tanong tanong,
capagca mayaman cahit sa sugarol
ito ay madalas na mangyari ngāyon.

Ng̃ mayroon namang pagcadalaanan
ang mga dalagang ngāyo,i, sumisilang,
na ualang sanguni sa mga magulang
caguiat pa-ooó sa nagsisiligao.

Na anaquin baga, ang ama at ina
sa canila,i, uala munti mang halaga
sa isang usapan dapat na manguna
ay ang cadalasan ay hindi isama.

Cun ang munting aring na sa ating bahay
di dapat itangō sa cangino pa man,
cundi isanguni sa ating magulang
di lalo at higuit ang ating catauan.

Hosted by Google

Salaming malinao nangyari sa iyo
ang mga dalaga,i, dapat manganino
at nang mapiguilan ang tacbo ng usong
lihim sa magulang cun mga pa-oo.

Ang nasapit mo nga,i, salaming malinao
lalo,t, sa dalagang sa pilac ay uhao
na cun magsalita,i, cun pacacasal dao,i,
doon sa pusacal marunong ng sugal.

At ng hindi na rao inaaring olol
cun quinacasugal ng capua sugarol:
ang sa iniinang sabing inihabol
sa ating sugarol ¿sino pang dudunong?

¿Baquit po ba iyan inyong uuncatin
ang sa dicheng sagot, calong ang pamanquin
at ang sa may saquit biglang itinuring
aco,i, itauag ng Confesor ngayon din.

Ang sabi ni caca,i, quinaumagahan
ay siya,i, omoui sa canilang bayan,
noong i-uan niya ay nag liligpitan
dahil sa may saquit ay mag cocompisal.

Hosted by Google

CAPITULO IV.

Ang pagcamatay nḡ asaua nḡ sugarol, at ang verdugong pumatay ay ang asaua.

Ang uica ni caca icanim na arao
sa bayan nḡ diche ay muling nag lacbay,
siya,i, naqui inom sa pagca,t, na uhao
sa isang tindahan tabi nḡ Simbahan.
Sa caniyang pag inom ay caniyang nadinig
tugtog nḡ campana ay naca hahapis
at sa Campo Santo ay caniyang nasilip,
lalaqui,t, babai ay itim ang damit.
Diman dapat aniya aco ay nagdasal
ang uica ni caca patungcol sa patay
nang dinadasal co ang requiem eternam,
diche nḡ may saquit ay aquing natanao.
Na naca inauac haba,i, hangang sacong;
mata,i, namumucto at calong ay sangol
may isang babaing hindi taga roon,
babaing tindera guinaua,i, tinanong.
Aleng cuan aniya ¿iyoñ ba,i, taga saan,
na muc-hang dalaga,i, may sangol na tanḡan
cay punḡay nḡ mata, ilong ay mainam
namatayan yata caya nalulumbay?

Iyon po,i, dalaga, sagot ng tindera
at pamangquing boo ang sangol na dala,
anac ng capatid na iisa-isa,
inalibing ngayon na harap sa misa.

Ang uica ni caca aco,i, napadulit
sabi ng tindera ng aquing madinig
na patay na pala sa dicheng capatid
caya pala lucsa at tangis ng tangis.

Hindi co na tiis aquing itinanong
ang ama ng bata ¿saan po naroon?
sagot ng tindera ¡iyon bang sugarol!
at saan cun hindi sa sugal at sabong.

Nguni ¿at baquit po at pinabayaan
na hindi sinundo ang asaua,i, patay,
at bucod sa rito may anac pa naman
¿iniuana,i, sino ng inang pumanao?

Anong di sinundo, ang sabi mo, ale,
sagot ng tinderang ga tila pumicsi,
sampong asaua co,i, humanap cagabi
sa sugarol mo pong bolateng bolate.

—Sa aquin pong tingin, icao,i, camaganac
caya sa tanong co,i, nagalit ca agad,
cun yaon pó,i, iyong hindi minatapat,
paalam na, ale, tayo,i, capoua tauad.

Di sa iyo, ale, aco nagagalit,
sagot ng tinderang nangiti ng muntic
cun di sa sugarol totoong buisit
asaua,i, namatay ay di man sinilip.

Hosted by Google

At hindi po aco nila camaganac:
—cun gayon po,i, ¿baquit nagalit ca agad?
—¿baquit di magalit ay totoong sucab,
sugarol na yaong catulad ni Judas?

Aquing sasabihin, ale, ay paquingan,
pamumuhay niyang bantog na sa bayan,
cun iyong matanto, at di ca masuclam
marahil po icao,i, sugarol din naman.

—Aba,t, itong ale, at cun ano-ano
mga sinasabi sugarol dao aco,
ganang catanda co na babaing tauo
¿baquit mag susugal, sugal ay sa diablo.

Baga man po,t, di co ibig mapaquingan
sabihin sa aquin buhay ng may buhay
nguni,t, ang uica mo,i, alam na ng bayan
ipatuloy mo po iyong pagsasaysay.

Tingnan mo po, ale, uica ng tindera
cun sa tauong yaon ay may sasama pa,
noong pong may saquit ang caniyang asaua
iniuan sa bahay na iisa-isa.

At ualang guinaua cun di ang magsugal
ó umupo caya sa mga tindahan,
cun mag saua rito ay pasa sa billar
gaua po,i, ganito sa gabi at arao.

Ano pa,t, uala pong masarap sa caniya
cun di ang malasin pinta ng baraha,
himasin ang manoc capagca umaga
at maqui pag cahig cun uala pong cuarta.

Hosted by Google

Ngāyong sinabi mong sa diablo ang sugal,
lubos cong na tanto na diablo rin naman,
sa lahat ng oras siyang umaacay
caya di mauiling tumira sa bahay.

Asauang namatay totoong mabait
maganda,t, mabini ayos cun manamit,
dangā,t, sa sugarol demoniong umaquit
caya ng may saquit ay di man sinilip.

At caya ngā pala noong calubhaan,
asaua sa saquit na iquinamatay
ang sabi ng tauo,i, guinaling sa sugal
ngāyon co natantong sa diablong paraan.

Sa pagca,t, noon pong ipatauag siya
dahil sa malubha ang caniyang asaua,
sabi ng sumundo caya di sumama;
yaong cagalingā,i, sinasamantala.

Caya ngā,t, tangan na sa baro ng hipag
hindi rin sumama,t, pumilit tumacas,
ito namang hipag ay omoui agad
at di na sinundan bayao na lumayas.

Siya,i, nahiya,t, sinabi sa caniya
ang cagalingan dao,i, mahirap maquita,
nguni,t, ang babai capag dao may cuarta
madaling hanapin. ¡Mabuti,t, na bata!

Ng caniyang hipag ang sagot na ito
cun acong sinagot, ale, tantoin mo,
na sa caniyang dila ay babacbaqun co
ang nanga niniquit na libong demonio.

Hosted by Google

At ang guinaua po ay quinabucasan,
dumayo ng̃ sugal sa malayong bayan,
at mula po noon di namin malaman
dami ng̃ humanap ay di masumpung̃an.
Natanto co ng̃ayon gaua ng̃ diablo
cun caya sa sugal siya ay nanalo,
mula ng̃ macasal ay talo ng̃ talo
dalaua ng̃ taón ng̃ayong hustong husto.
At saca guinaling noong calubhaan
ng̃ asaua niya cung caya namatay,
ang sabi ng̃ tauo ay ualang dahilan
cun di sentimiento,t, mg̃a cahapisan.
—Ang tugon ni caca ibig co pa sana
mapaquingang lahat boong buhay niya;
sa pagca,t, anac co ay mg̃a dalaga
ay i-aaral cong ca-iing̃at sila.
Sa mg̃a sugarol ng̃ huag sapitin
ang sa inalibing na calaguim-laguim,
ng̃uni at aco po ay tatanghaliin,
paalam sa inyo, mag utos sa aquin.
—Salamat po, ale, sagot ng̃ tindera
at idinugtong pa, cayo po,i, umasa,
na sa ma-aabot ng̃ dahop cong caya
sa lahat ng̃ oras ay natatalaga.
Ng̃uni, at cayo po muna ay cumain
maquipagdalita sa asin at canin,
—tila aco,i, hindi marunong pumiguil
ang imit ng̃ arao,i, inyong susugbahin.

Hosted by Google

—Huag na po,t, aco,i, aantain naman
sa calapit bahay niyong namatayan,
nĝ aquing comareng aquing catipanan
na iniina rao niyaong pong namatay.

Lumacad na aco ang uica ni caca
ang init nĝ arao ay aquing sinugba
nĝ doon sa bahay aco ay masampa
aco,i, may natanao isang carromata.

Nĝuni at hindi co na parang na pansin
ang sa carromata na biglang pagdating,
mata co,i, nauili sa naquipag libing,
lalaqui,t, babai ang damit ay itim.

Datapoua,t, nĝ aquing mata ay ilingap
may dala sa sangol aquing hinahanap,
aco ay namutla biglang napagulat,
isip co,i, verdugo yaong bagong acyat.

Ang baro ay pula, pula ang salaual,
tahi sa maquina na mayroong agriman,
tila sa masid co,i, cabibili lamang
caya nĝa,t, ang culay parang inangcacan.

Nĝ aquing maquita ay nacatayo pa
ang pindong sa ulo ay panyo ring pula,
nangaquipag libing naguiguitna siya
na pulos na itim ang baro at saya.

Ang pagcamasid co,i, ga tila na dulit
maquita ang gayong mga pananamit,
ang naquipaglibing ay tila aalis
napopoot mandin dito sa pumanhic.

Hosted by Google

Aco ay lumapit sa ibang bintana
nasa nğ loob co,i, maquita ang muc-ha,
mana,i, isang voces sa silong nagmula
aquing pinaquingan ganito ang uica:

Iyan ang verdugong natay sa asaua
hindi nga sinundang nguni,t, binaraha
cun baga,t, sinungdang mabuti pa sana
sa isang sandali natapos ang dusa.

Nguni,t, ang baraha,i, siyang ipinatay
mahiguit santaon na pinahirapan,
isang guardia civil nanhic sa bahay,
tumiguil ang voces tauo,i, nag alisan.

Tauong naca pula,i, siyang quinausap
saca nğ matapos isinama agad,
arao ma,i, mainit tuloy nğ paglacad
doon sa Bilibid siya itinambad.

Ang uica ni caca nğ quinahapunan
sa caniyang comare, siya,i, napaalam,
tungcol sa sugarol ualang macaalam
nğ pagca bilango cun anong dahilan.

Nguni,t, acong lubos ang nacatatanto
dahilan nğ caniyang pagca bilango,
datapoua,t, aquin munang itatago
sa caban nğ aquing malihim na puso.

Sapagca at ngayo,i, na ipaquita na
sa nangaririto na mga dalaga,
masasapit nila át maguiguing hanga
cun sa manunugal sila mag-asaua.

Hosted by Google

Caya ngã lubos na pag asa co ngãyon
sila,i, masusuclam sa tauong sugarol,
na hindi malayo capag nagcataon
ang verdugo nila sa habang panahon.
At cun ang sugarol dapat casuclaman
mga mag lalásing ay gayon din naman,
parang asong olol dapat catacutan.
Oh mga dalaga aco ay paquingan.



Hosted by Google

CAPITULO V.

Ang na sa calasiñan ay nauala ang pagca tauo at ang caasalan ay natutulad sa hayop.

Noong oras (aniya) ang uica ni cáca,
dilim at liuanag tila nag babaca
sa pag lacad niya,i, siya,i, napaguicla'
sa tauong sigauang ¡patay ba, patay ba!
Ang hiyauang yao,i, doon sa tindahan
nḡ dacong umaga,i, pinaquí-inumán,
siya ay lumapit nasang maalaman
cun tunay ó hindi sa tauong sigauan.
Nḡuni,t, ang naquita nḡ siya,i, malapit
ay isang babaing hindi na na-imic,
ang dugo sa ulo,i, na agos sa liig
hauac nḡ dalaua at ipinapanhic.
At nḡ masampa na,i, inahiga agad
sa nasa sa bahay na maruming papag,
maquilala niya,i, siya,i, napagulat,
tinagang babai siya niyang causap.
Nang dacong umagang siya,i, maqui-inom
caya capagdaca,i, siya ay nagtanong
sa isang hermanang doo,i, umabuloy
ang babaing yao,i, ¿ano,t, nagca gayon?

Hosted by Google

Aleng cuan (aniya,) tugon nǧ hermana
caya nagca gayo,i, matalas ang dila,
Amang San Francisco,i, siyang nag calinga
caya di namatay sa matinding taga.

Cun nagcataon po at hindi dumaplis,
di na mauiuica Jesús, María, Joséf,
asaua ay langō uala manding isip
at bagong hasa po itinagang campit.

Mabuti na lamang at aming na guicban
at cun hindi mandin di ii-uang buhay,
tangan pa ang campit ang asaua,i, sacal
aco po,i, nangīnig nǧ aquing mamasdan.

Nǧuni,t, nǧ maquitang cami,i, aabuloy
asaua,i, iniua,t, cami ang hinabol,
tacot co po, ale, ualang casing gayon
sampo nǧ lambong co,i, nabitiuan tuloy.

Marahil ay olol ang tugon ni cáca
caya hinahabol lahat na maquita,
hindi olol, ale, may bait na sadya
at sa asaua po,i, inam maquisama.

Lubhang masunurin sa asauang irog
matiis sa hirap at mababang loob
nǧuni capagca alac ay nalagoc
biglang bumabagsic na anaqui hayop.

Munting maca lagoc hindi na tatahan
hangang may cuartang sucbit sa baiuang
ang lahat nǧ tauo ay tinatagayan
at ang di uminom ay tinutungayao.

Hosted by Google

Lahat ng̃ tindaha,i, iniisa-isa
na binibilhan po ng̃ isa,t, dalaua
cun itinutuad sa alac na tasa
ay maca tatauang mamalas, maquita.

Halos pagca tiquim casabay ang dahac
na anaquin baga,i, ayao na sa alac,
quiquiling ng̃ munti mata,i, mandidilat
at saca hihing̃i ng̃ tatlo at apat.

Cun ito,i, laguquin biglang pa-a-a-a
na tila po baga napitpit ang dila,
muc-ha,i, mamumulá, mata,i, tila saga,
uala pong iniuan sa lampong̃ na pusa.

Na ng̃i-ng̃iyao ng̃iyao sa boong lansang̃an,
babai,t, lalaqui ay tinutung̃ayao,
asaua,i, na hiya cang̃ina,i, sinauay
tinagá sa ulo buti,t, di naminsan.

Matandang hermana,i; may sasabihiu pa
ng̃uni,t, napatiguil noong mag si sampa,
tatlong may salacot may campilang dala
luma ang chaquetang tila columbiana.

Casama ay isang payát na aguacil,
puti ang chaqueta, salaual ay itim,
hangang cabahayán ibig na pasuquin,
ng̃uni,t, ang médico,i, silay pinatiguil.

Sampong aco nama,i, bilang napa ilag
dahil cun lumacad ay naca gugulat
baquit cun mag usap ang amoy ay alac
tauong naca sugat siyang hinahanap.

Hosted by Google

Nang hindi maquita ay nangag palintic
aco,t, ang hermana ay halos matulig
at sa tacot namin cami ay umalis
baga ma,t, ang tuhod namin nangingінig,
Nang cami matapat sa canilang bahay,
uica ng hermana icaó po,i, magdaan,
sagót co,i, huag na,t, sa iba ng arao
nguni at aco ay inacay sa camay.
Na di binitiuan hangang sa ma-acyát
sa canilang bahay lubhang aliualas,
cami sinalubong ng dalauang anac,
na sa camay niya,i, nag si halic agad,
Ang sabi sa aquin ay mga dalaga
ang pinaca bunso,i, edad labing lima
cun tauagui,i, Neneng, muc-ha ay maganda,
tuhog na campupot sa camay ay dala.
Ang baro ay cantong at ualang alampay
mangás ay ma-icli, nguni at malouang,
saya ay mahaba sa dacoug licorán,
laguing naca upó sa tabi ng languay.
At cun mag salita ay idinidiin
mainam ang dila, voces ay matining,
mapulà ang labi, quilay ay maitim
at na sa bahay man ay mayroong singsing.
Anac na panganay edad labing siyam
mabining lumacad, catauan ay timbang,
may calmen sa dibdib, matá ay mapungay
at naca alampay cahit na sa bahay.

Hosted by Google

Cantong din ang baro at may camiseta
na sa catatagán ang haba ng sáya,
bihirang mangusap muc-ha ay masaya
lagui sa cusina,t, siyang nag guiguisa.
Ng maca ánimas agad ilinagay
ang naca gayac ng canilang hapunan,
maca hapon cami hermana,i, nag saysay
sa anac na bunsong aquing caagapay.
—Uica ng hermana,i, ¡ay! bunso cong Neneng
cangina ay icao ang pinapanimdim,
ng aba mong inang hindi magupiling
buhat na ng icao ay pangasauahin.
—At ¿baquit po? ina, icao,i, mangangamba
sa loob co,i, uala ang pag aasaua
nasa ng loob co ang pag silbihan ca
hangang sa mapatid ang tangang hininga."
—Totoo nga, Neneng, ang sa inang tugon
nguni,t, tantoin mo lacad ng panahon,
¿ilang caparis mo sa panahon ngayon
ay dahil sa alac ay nangag cagayon?"
—At ¿cailan, ina, iyo pong namasdan
na ominom aco alac na tinuran,
ayon sa sabi mo ay pagbubuhatan
ng isasamá co at capahamacan?"
—Hindi gayon, Neneng, ibig cong sabihin
ang tugon ng inang lubhang naninimdim,
cun di ang ama mo ang pa-iinomin
ca mangcoc ng alac icao,i, lulunurin."

Hosted by Google

Totoo,t, alam co, ama mo ay ayao
na sa gayong tauo,i, icao ipacasal,
uica pa sa aquin ay mangĩnginom dao
ang mga capatid at mga magulaug.
Nguni,t, capag siya,i, naca inóm, Neneng
ang pag ayao niya,i, biglang mabibiling,
at macailan nga na sa alac dahil
alam ng masama ay minamagaling,
Tanto mo naman cun siya,i, macá inom
aco at ni cayo,i, hindi maca tutol,
cun icao,i. itangō sa mag papainóm
¿papaano, Neneng, ang ina mo ngayon?
Cun icao,i, caniyang maitangó, Neneng
pilit gaganapin ano mang marating,
sa pagca,t, madalás sa atin sabihin
mahal pa sa buhay puri niyang angquin
Cun gayon po, ina, cay Neneng na sagot
aco sa Beaterio ay inyong ipasóc,
may sasabihin pa nguni,t, na pa odlót
ama ay na voces sa bacuran nasoc.
At nadinĩgig nilang uica sa causap
ualang di pag sunod bunso niyang anac.
ang nauica niya ay asahang uagas
na tagá sa bató ang nacacatulad.
Nabual si Neneng ng ito,i, madinig
biglang hinimatay sa dahás ng saquit;
ng mahimasmasan dinala sa silid
at inalagaan ng ina,t, capatid.

Hosted by Google

Ang ama ay langó ng manhic sa bahay
nangyari sa anac di man namalayan,
may isang alila na ang dala,i, ilao
noong masalubong biglang tinungayao.

Anac na panganay ay hindi tinugon
sa magandang gabi,t, anyayang humapon.
sa banco nahiga, at bubulong bulong
tila máy cagalit cun minsa,i, umungol.

Asaua marahil malaqui ang tacot
caya nga,t, sa silid ay dina cumilos,
at nag pacunuaring ga nacacatulog
nahigang magaling na balot ng cumot.

Nguni,t, di nalao,t, at caniyang nadinig
na ang lango niya,i, malacas ang hilic,
guinaua,i, lumabas aco,i, quinalabit
aco nama,i, biglang sa upo,i, tumindig.

Doon sa mirador maipasoc aco
uinica sa aquin maupó po cayo,
may sasabihin pa,i. nguni,t, napalueso
sa tauong sigauang ¡harang iyan tauo!

Sa sigao na ito aco ay nanungao
doon sa bintana na dacong lansangan,
sa ilao ng buan ay aquing na masdan
tauong hinahabol puti ang salaual.

Isang punong sasá haba,i, may sandipa
sa pag tacbo niya,i, siyang daladala,
mana,i, naparapa inabutan siya
ng nag sisihabol halos di na hinga.

Hosted by Google

Caya,t, nğ abutan ay pinag sabayan
hinampas sa licod nğ boong lacasan.
at sa aquing masid di ii-uang buhay,
dañga,t, may justiciang doo,i, namaguitan.

Aniya ay inyong houag nğ patain,
sigao nğ Justicia na nag tutumulin,
talian sa liig camay ay gapusin
at cun mabaliti sa Tribunal dalhin.

Sa nañgag si habol ay mayroong isa;
dapat ang patain tugon sa Justicia,
hangang naca rapa,i, sasampayan co na:
sagot nğ Justicia: tumiguil ca muna.

Nğ ating matanong cun anong pañgalan
nğ caniyang ibang mğa casamahan;
sabi nğ hinarang sa Quinabalian
apat ang casamang pauang sangdatahan.

Hangang guinagapos abang naca rapa:
uica nğ hinarang ¡bata palang bata!
asa co,i, may fusil; bago pala,i, uala,
ito pala,i, sasáng sa ami iniacma.

Noong bamaliti ay pinapabañgon
nğuni,t, ang tulisan ay ayao cumisol,
guibic ay nagalit biglang hinandulong,
nañguduğod sa lupa dumugo ang ilong.

Nğuni at hindi rin iharap ang muc-ha
baga ma,t, ang dugo,i, nadanac sa lupa,
sa hiyao nğ guibic tulisa,i, narapa,
lansañga,i, na puno nğ matanda,t, bata.

Hosted by Google

Pati ng̃ cay Neneng na ama,i, naguising
nanaog sa lupa na nag tutumulin,
lilis ang salaual ang bitbit ay fusil
sa narapang tauo ay doon tumiguil.

At sampo ni Neneng naman ay nanung̃ao
may pindong na panyo cumot ay balabal
ang narapang tauo,i, siyang tinatanao
ng̃uni,t, na paodlot dahil sa ang sigao.

Nang ilang dalagang sa bigasa,i, galing
ng̃ nacabang̃on na ang tulisan tacsil,
muc-ha,i, naquilala,i, nagsigauang tambing
¡ABA,T, NOVIO! ANG NOVIO ni NENENG!

Ang̃ balang malapit !aba,t, cay Neneng ng̃a!
Aba,t, cay Neneng ng̃a, siyang nauiuica,
cay Neneng ng̃a pala ¿baquit di nahiyang
sa tapat ni Neneng mag muc-hang palaca.

At hindi lumusong; ang ibig marahil
cang̃ina,i, itayo,t, ibang̃on ni Neneng:
¿at saan nagmana at nangharang? ¿baquit?
ama ay mayáma,t, may pilac na angquin.

Saan mag̃ mamana cun di sa magulang
ang sigao ng̃ isang may dalang campilan;
doo,i, isang guíbic na muc-hang mayaman
ng̃ yao,i, madinig sa bacod na sandal.

Ibig na sumagot ng̃uni,t, na oodlot
touing mamamasdan ang tulisang gapos.
cay Neneng na ama siya,i, napanood:
anac mo, compare, ¿baquit ng̃ayo,i, hayop?

Hosted by Google

Sa nangyaring ito, compare, tantoin,
usap at cangina ay sira ng tambing
sa tauong tulisan anac cong si Neneng
di ipacacasal ano mang marating.

Tauong nacasacdal ng anyong sasagot
Justicia,i, nagutos sa cuadrilleros,
hayo,t, sa Tribunal ang tulisang gapos
ngayo,i, inyong dalhing sa aquin isunod.

Justicia,i, lumacad tungo sa Ttibunal
casunod sa huli gapos na tulisan;
ang ama ni Neneng ay na sa licuran
at quinausap ang tauong hinarang.

¿Cayo,i, taga saan? cay Neneng na ama
tanong sa hinarang ng lumalacad na:
taga Obando po, sa barriong Quibadia
sagot ng hinarang na may saguang dala,

Cami po,i, regaton galing sa Maynila
at anim ang aquing casacay sa bangca,
dalaua,i, dalaga isa ang matanda
tatlo ang lalaqui ang isa po,i, bata.

Ng cami,i, dumating sa Quinabalian
arao,i, mag tatago sa quinalunuran,
sa isa pong sapa mana,i, sa lilitao
maliit na banca limang sumasaguan.

Cayo pala,i, pito ang tulisa,i, lima,
tugon sa hinarang cay Neneng na ama:
¡baquit di lumaban at inyong na batá
na cayo,i, laparin at cunin ang cuarta.

Hosted by Google

Ang mga babai na casacay namin,
tugon ng hinarang sa ama ni Neneng,
piniguil po cami,t, ayao palabanin
caya boong gusto,i, nagaua sa amin.
Cami ay guinapos saca pinarapa,
ayao patinginin sa canilang muc-ha,
mga bulsa namin pauang inusisa
at inisa-isa ang lahat ng calla.
Puhunan at tubo namin ay sinamsam
at ng masamsam na,i, biglang nag saguanan
ng aming maalis ang gapos sa camay
cami nag paguibic at aming sinundan.
Dumating sa Nioga,i, nangag si ahon
iniuan ang bangca sa isang saluysoy,
ng maca ahon na ay aming hinabol
apat ay nauala cun saan nag tuloy.
Nguni,t, itong isa na pinacabata
ang nasundan namin hangang naparapa,
ng ito,i, masabi tumiguil na bigla
at magandang gabi ang siyang uinica.
Sa capitang actual, doon na masdan
noong maca pasoc sila sa tribunal,
naupo sa silla at ang caagapay
guinoong Director na may plumang tangan.
Nguni,t, at siya ay hindi tinugon,
gapos na tulisan ang siyang tinanong,
¿anong pangalan mo? at sabihin ngayon
cun anong oficio at edad na taon.

Hosted by Google

Ngãlan ng ama mo,i, sabihin din naman
sampo ng ina mo na pinagbuhatan,
sa balang tanong co,i, houag mag cuculang
ang catotohanan ngãyon ay isaysay.

Sagot ng tulisan ngãyon co,i, Bebedor
aquing apellido,i, Buenvino de Ron,
at ang oficio co ay Alborotador
edad co po ngãyo,i, labing pitong taon.

Señor Alambique ang ngãlan ni ama
ang cay ina naman ay señora Nipa,
pacli ng Capitan; ngãyo,i, mag sabi ca
¿baquit ca nangharang mayaman ca pala.

Guinoóng Capitan, sagot ng tulisan
ang bisa ng alac di ba ninyo alam,
sino mang malasing anac man ng mahal
madaling mabuyo sa pag tutulisan.

Cangĩnang malangò bait co,i, nauala,
loob co,i, tumapang nauala ang hiya,
dila co,i, dumulas sa pag sasalita
aquing cainuman bigla cong niyaya.

Na aming harangĩn bangca ng regaton
sila,i, napa oo caya po na tuloy,
¿mga casama mo,i, nangasaan ngãyon
tanong ng Capitan ang hauac ay bastón.

Sa aming pagtacbo,i, nangag cahiualay
tugon ng tulisan na camot ng tian:
cun gayon Director uica ng Capitan
diligencia,i, gauin na huag maliban,

Hosted by Google

At sa Gobernador parte ipadala
sa oras ding ito sa isang Justicia;
iyang si Bebedor ipangao ang paa
at labasin agad ang mga casama.

At saca nag uica sa mga caharap
aniya,i, mula na ng aco,i, bumaras,
ay ualang ibang sa aquin nagpahirap
na para ng mga na inom ng alac.

Ualang basagulong dito,i, isinacdal
na hindi ang alac ang pinagbuhatan,
caya nga,t, cun acong masusunod lamang
ang balang mag lasing ay ipabibitay.

May sasabihin pa ay hindi natuloy
dahil sa isang sa caniya,i, bumulong,
may dalang botella ang laman ay rol
ang baro ay puti salaual ay guingon.

Laman ng botella ay tila may virtud
balang macainom na luag ang loob
caya,t, ang Capitan noong maca lagoc
isip ay nag iba napaui ang poot.

At hindi natiis na di tinagayan
ang lahat ng tauong naroon sa Tribunal
cay Neneng na ama,i, halos nasisigao,
sa toua ng loob sa pag-iinoman,

Bagama,t, nalango ang Señor Director
matataas sabihin, *uicang composicion*
at ang pitong piso na hininging suhol
hindi naculangan inom man ng inom.

Hosted by Google

Lahat ay uminom liban sa hinarang
na sa isang suloc malaqui ang lumbay,
lalo nǧ madinǧig uica nǧ Capitan
consulta,i, iyurong, preso ay paualan.

At saca tumayo at biglang nagturing
guinoong Capitan aco po ay dinguin
¿baquit pauaualan humarang sa amin
at ang diligencia,i, baquit hindi gauin?

Icao ay ang siyang dapat na ipanǧao
sagot nǧ Capitan baston ay tinangnan,
iyong pasaporte,t, cédula personal,
ilitao mo nǧayon at aquing titingnan.

Ang abang hinarang umapu-apuhap,
cédula personal siyang hinahanap
nǧ ualang maquita ay namutla agad,
tacot sa Capitan ay ualang catulad.

At ang sinisisi,i, ang sariling loob
sa pagca paguibic; sa laqui nǧ tacot
sa Capitang actual halos manaclot,
sa reclamo niya,i, totoong na poot.

Lalo,t, nǧ sabihing siya,i, iluluas
ay culang na lamang ang magcang iiyac
sa ama ni Neneng ay namanhic agad
na siya,i, caauaan na ipaquiusap.

Hayaan mo,t, aco,i, ang siyang bahala,
sagot sa caniya cay Neneng na ama
nǧuni,t, cailanǧan nǧayo,i, manǧaco ca
pag harang sa inyo,i, ipag lilihim na.

Hosted by Google

Cun yaon po lamang ay asahang tambing
cañgino mang tauo,i, di co sasabihin
cun gayon, ang sagot ñg ama ni Neneng
ay omoui cana ñgayon magtumulin.

Toua ñg hinarang ay ualang catulad
sa pagca at siya,i, dina iniluas,
biglang napaalam at omoui agad,
dala dala,i, saguan na na sa balicat.

Di naman nalaon agad nag ouian
ang lahat ñg tauo nanga sa Tribunal
cay Neneng na ama ay ang naca sabay,
Señor Alambique na may hichong tangan.

Cayo po,i, ñgumanga ang cay Alambique
sa ama ni Neneng ang siyang sinabi,
ang idinugtong pa, maguinao, compare,
tayo,i, magpainit muna ang mabuti.

At nagdaan sila sa isang tindahan
at si Alambique agad napatacal
sa ama ni Neneng biglang itinagay,
mangcoc na may pinta lama,i, isang gatang.

Ñg macainom na ang ama ni Neneng
sa cay Alambique ay amen ñg amen,
at noong omoui ay quiquiling quiling
na maca tataua asal ay malasin.

Dumating sa bahay, Neneng ay tinauag
at saca sinabi icao ay gumayac,
icao,i, idudulog sa arao ñg bucas
sa cay Alambique minumutiang anac.

Hosted by Google

Sa uinicang ito,i, parang namatayan
ang lahat nḡ tauong doroon sa bahay,
cay Neneng na ama sila ay mamasdan
tinunḡayao sila,t, agad nag si tahan.

At saca sinabi cun dica padulog
cayong mag-iina,i, dadalhin nḡ culog,
asauang tercera,i, hindi macasagot
at sampo ni caca,i, siya rao,i, na tacot.

Nḡ ito,i, mauica,i, nahiga sa papag
na iisa-isa ay uusap-usap,
di naman nalao,t, nacatulog agad
nḡ macatulog na,i, asaua,i, lumabas.

At aco,i, tinauag; ang uica ni caca
doon sa cusina siya rao,i, dinala,
nḡ sila,i, maupo uica nḡ tercera:
paquingan po, ale, yaring ibabadya.

Papaano caya ang aquing gagauin
ayao pang pacasal anac cong si Neneng
cun ang asaua co nama,i, hindi sundin
cami pong mag ina,i, mayroong mararating·

Ale, ay mano pong, aco ay hatulan
sa bagay na ito nḡ hindi masinsay
para mo nang aua aco ay turuan,
uica nang hermana, luha,i, parang ulan.

At ang sinabi pa noong pinapahid
ang luha sa mata na tumataguistis,
sa alac nag buhat, ale, yaring hapis
at alac din naman sa buhay papatid.

Hosted by Google

Sa pagca,t, halos po sa lahat ng oras
puso,i, binabayo ng dalita,t, hirap
at ang palacol pong talagang pang ualat,
dili iba, ale, cundi po ang alac.

Sa pagca,t, sa alac nag buhat nangaling,
dalita co,t, hirap ngayo,i, sapin sapin
at cun di sa aua ng mag inang Vírgen
marahil po, ale, buhay co,i, na quitil.

Cangĩnang mamasdan asaua co,i, langõ
saca tauaguin si Neneng na anac co,
dito,i, na hinto,t, dahil sa na patauo
hermano Celador ng mga tercero.

Bati ng Celador ¿tanto mo ba? manang
ang nangyari ngayon sa ating Tribunal
banta co,i, parusa nang Poóng may capal
sa ating nagauang mga casalanan.

Cun di yao,i, hindi itutulot mandin
ng Dios na Poóng Amang maauain
na ang isang punong dapat nating sundin
sa di catuira,i, na masdang cumiling.

At ang catouira,i, siyang ibabaon
gaya ng nangyari sa abang regaton
dahil sa caniya na hindi pag inom,
ualang casalana,i, siyang icuculong.

Nguni,t, si Bebedor tunay na nangharang
sa pagca,t, may alac siyang pinaualan,
sucat bagang ito,i, gauin ng Capitan:
nguni, at sa Dios itong calooban.

Hosted by Google

Ng̃ ating matanto na alin ma,t, sino
cahit anong dunong, mahal ma,t, guinoó
capag di iniuan gauang pag lalang̃o
sa gauang masama pilit mabubuyo.

Pilit mahuhulog sa di catouiran
gaya ng̃ malasing ang ating Capitan,
pinaualang bigla ang tantong tulisan
at ang ipapang̃ao,i, ang pobreng hinarang.

At ng̃ upan namang ating matalastas
cun caya sa bayan ng̃ayo,i, cumacalat,
ang sumpa,t, tung̃ayao na naca gugulat
ualang ibang dahil cundi rin ang alac.

Alac din ang dahil caya namamasdan
itong sacrilegiong casalanang mortal
na sumusumpa ng̃ casinung̃aling̃an
¡ó Dios co,i, ¿baquit? at di mo padalhan.

Ng̃ apoy sa Lang̃it ng̃ upang matupoc
yaong mang̃a dilang hindi natatacot,
na icao ay sacsihin capagca nalagoc
ang camunting pain na alac sa mangcoc.

At uala mang tacot na patotohanan
cahit natatantong casinung̃aling̃an,
ng̃alan mo, Dios co, tila tinutunao
sa mangcoc nang alac na tang̃an sa camay.

Sa bagay na ito,i, di dapat magtaca
na sa Santong Sulat ay ating mabasa,
itong cay San Pablong aral na maganda
ng̃ mg̃a panahong siya,i, na rito pa.

Hosted by Google

Na doon sa Langit di papapasuquin
cun mga matay na mga mapaglasing,
caya nga ang ating dapat ngayon gauin
sa arao at gabi sila,i, idalangin.

Nang upang canilang i-uan na ang alac
cataua,t, caloloua,i, ipinapahamac,
at itinatapon puri,t, sampong pilac,
sa uinicang itoi, si caca,i, sumabad.

¿Sa bagay ang alac, ay masama, manong?
¿baquit ititinda cun ito ay lason?
alac ay mabuti; sagot nang Celador,
datapoua,t. lason labis na pag inom.

May sasabihin pa nguni at tumindig
talaoc ng manoc dahil sa nadinig,
hating gabi pala aco na,i, aalis
sa bahay nang nataga,i, aco,i, sasaglit.

Nang maca-alis na cami nama,i, nasoc
si Neneng ay aming dinatnan sa suloc,
camay na sa noo at sisinghot singhot,
uinica ng ina; tayo na,i, matulog.

Nang aco,i, maguising quinaumagahan
sa ina ni Neneng aco,i, napaalam,
ama,i, natutulog at nacatimbuang,
nanaog na acong nagdadahan dahan.

Nguni at gayon ma,i, na sa hagdanan pa
ay aquing na voces cay Neneng na ama,
na ang sinasabi; umaga na pala
aco ay baquit di guinising cangina.

Hosted by Google

At ang uinica pang aquing napaquingan
Neneng, gayac na,t, sicat na ang arao,
di ba sinabi cong idudulog icao
baquit hanga ngãyo,i, uala ca pang abay.

Nang na sa daan na ay aquing naquita
ina ni Bebedor na señora Nipa,
dala sa bilao ay sampong botella,
señor Alambique ay siyang casama.

Tatlong pusong saguing isang buslong tic-han
ang cay Alambique bitbit sa camay;
anac na Bebedor ay na sa licuran
may galos sa ilong ang casama,i, abay.

Ang uica ni caca malayo na siya
ang bahay ni Neneng ay nililingon pa,
caya,t, sa paglingon ay natanao niya
ang abang si Neneng abay ang casama.

Ama,i, casama rin tungo sa Convento
marahan ang lacad tila na lilio,
ninasa rao niyang matanto ang dulo
ng dolog (1) na yaong nangag yari langgo.

Sa caniyang pag lacad stya,i, inabutan
ng caniyang comare galing sa Simbahan,
itinanong niya: cun ano ang lagay
babaing tinaga na na sa tindahan.

---

(1) Ang pagharap at pag sasabi sa Cura nang manga nagcacasundong pacasal.

Hosted by Google

—Malubha, comare, sagot ng tinanong
at binabasahan ngayon ng Celador,
si caca,i, na guicla at nauica tuloy
caaua-aua po ang babaing yaon.»

=Siya nga, comare, ang sagot cay caca
baquit ang asaua,i, nabibilango pa,
iyac dao ng iyac sabi ng Justicia
at ibig dalauin tinagang asaua.

Baquit ang isa pa na cahapis hapis
ang anac ay tatlo pauang maliliit,
ang bagay na ito ay di co maisip
na cahangahanggang talaga ng Langit.

Tauong naca taga ay mababang loob
at sa asaua po ay inam susunod,
nguni,t ang babai ang siyang mataros
munting may malicia,i, ibig nang manaclot.

Caya po, at ngayon sa tauong sabihan
babai ang lubos na may casalanan,
at cun ang asaua man dao ay lasing man
hindi matataga cun di nag iingay.

Di baga rao lasing cay Neneng na ama
at cun nalalasing ay ualang capara
na tinutungayao ang balang maquita
sampong casangcapan minsa,i, basaguin pa.

Cun mapacalangó ang camuc-ha,i, baboy
cahit sa lansangan pagdaca,i, gugulong,
at saca cun dito siya ay ibangon
capara ng aso na uungol-ungol.

Hosted by Google

At hihinto hinto cun baga,t, lumacad
tulad sa cabayo na ayao bumatac,
ng̃ hilang caleza, caya at na iyac
sa ganitong asal ang asaua,t, anac.

Ng̃uni at mabait ang ina ni Neneng
at sa lasing niya,i, hindi masagutin,
caya hanga ng̃ayon hindi nag titiquim
cahit ang asaua ay magagalitin.

Comare, ng̃ayon co lubos natalastas
sa ating babai pauang nag bubuhat,
ang ating asaua caya nanghahampas
mg̃a bigib natin ay hindi malapat.

Ng̃ ito,i, mauica aco,i, quinamayan
at saca sumuot sa isang bacuran,
ipinatuloy co naman ang pag hacbang
hangan sapitin co itong ating bayan.

Hosted by Google

CAPITULO VI.

Ang pagcacasal cay Neneng.

Dalauang puong arao ng̃ macaraan na sa bayan ni Neneng nag sadia si caca, ang tica ng̃ loob ay siya,i, mag simba caya dapit hapon ng̃ paroon siya.

At sa gabing yao,i, siya,i, nanuluyan sa bahay ng̃ isang caniyang caibigan, palibhasa,i, gayac na caniyang paquingan ay ang unang misa sa quinabucasan.

Ang bahay na caniyang natuluyang tambing nacacaagapay ng̃ sa quila Neneng, cun caya noon pa ay caniyang na lining ang sa capit bahay na malaquing piguing

Ay dahil cay Neneng ay pagca umaga ay sa cay Bebedor ay icacasal na, caya ng̃a ang lahat ay nang̃ag sasaya at lalong lalo na si Señora Nipa.

Namamaos na ng̃ caniyang madinig ng̃uni, at hindi rin na dahan ang voces ang utos at sigao sa bibig ay salit madalas tungain ang botellang bitbit.

Hosted by Google

Ang uica ni caca macahapon sila
sa isang bintana ay nanungao siya,
pinanood niya tanang pagsasaya,t,
gulo quila Neneng dahilan sa boda.

Sa tabi ng bacod tapat ng hagdanan
ay namasdan niya na ualo ang calán
may baboy at manoc na binabanlian
at anim ang culig na nag ii-yacan.

Si Señora Nipa ay hindi mauiling
tingnan ang cocina, at hindi macali,
tila mangangaso na cun macahuli
sa nahuling usa ay tatabi tabi.

Sa mamanugangi,i, hindi macalayo
matanda,t, dalaga,i, siyang binibiro,
nguni at ang mata,i, parang napapaco
sa muc-ha ni Neneng tungong nacaupo.

Cun sa manga pag biro,t, pagpapataua,i
namasdan si Neneng na naquiquitaua,
ay hindi malayo na ariing gloria
ng bibienaning si Señora Nipa.

Mag a-alas nueve nasoc sa bacuran
ang maraming tauo ang isa ay acay,
may dalang bigüela, at nangag hintuan
ng mangag sidating sa tabi ng hagdan.

Tauong inaacay siyang may bigüela
sa masid dao niya ay bulag ang mata,
caya nga,t, ng masoc bucod sa acay na
sa tuing hahacbang tila nangangamba.

Hosted by Google

Nguni,t, ng maupo ay umubong minsan
at ng macaubo,i, cuerdas ay tinantang
at saca umauit ng ubos lacasan
na ngapadungao ang tauo sa bahay.
May ualong minutos na aauit-auit
caguinsa guinsa rao ay pinapapanhic
ng na sa bahay na ay uling umauit
ang pangalang Neneng madalas masambit.
Ang mga inauit, ang dugtong ni caca
cun baga sa bigas magalo,t, maipa
nguni at may halao na macang na sama
pinulot rao niya,t, masarap ang lasa.
Aquing sasabihi,t, ng inyong maalaman
sa mga inauit ang napiling ilan,
bagaman at auit may catotohanan
at dapat na sundin ng tauong binyagan.
Dalauang puo,t, tatlong aral na mariquit
ang itinangi co sa mga inauit;
itanim sa puso at ganaping pilit
mapipitas ninyo,i, bungang saedal tamis.

Ang susunod ay ang auit na nagustuhan ni caca sa mga inauit ng bulag na caniyang napaquingan ng gabing quinabucasa,i, icacasal si Neneng.

«O tauong binyagang sa aqui,i, mamatiag
«tainga,i, iquiling dibdib ay ibucas,

«yaring iaaral sa puso,i, isulat
«at nḡ matamo mo ang ligayang uagas.

UNANG ARAL.

«Ang unang aral co,i, icao ay mag taning
«nḡ ucol at bagay na dapat asalin,
«ito ay ang higuit sa lalong magaling
«na maaabot nḡ iyong panimdim.
«Lagyan mo anaquin nḡ tadhanang oras
«lahat nḡ gagauin cahit gagahamac
«sa gauang may ayos, at yao,i, maganap
«bunḡang aanihin ay tantong laganap.

ICALAUANG ARAL.

«Isaedal sa Dios ang lahat nḡ bagay
«at mageompisal ca sa baua,t, sangbuan
«sa touing umaga misa ay paquingan
«at pauang biyaya ang iyong cacamtan,

ICATLONG ARAL.

«At iparati mo paḡ banḡong maaga
«á las diez nḡ gabi,i, magpahinḡa ca,
«pagca,t, cun sa tulog tayo mamihasa
«sa pag tanda,i, ualang cacamtang guinhaua
«Sa biglang salita tauong matuluguin,
«maicli ang buhay lubhang maramdamin
«panahong nag daa,i, uala na sa atin
«at di maquiquita cahima,t, hanapin.

Hosted by Google

ICAAPAT NA ARAL.

«Ang catungculan mo,i, houag ipapalit
«sa camunting touang casunod ay hapis,
«ang tunay na toua na sacdal ng̃ tamis
«ang yao,i, sundin mo at gauing malinis.
«Alalaon baga,i, houag titiguilan
«magdarayang asó ng̃ sandaling layao,
«tapusin mong gauin iyong catungculan
«at ito ang Langit sa buhay na hiram.

ICALIMANG ARAL.

«Matiaga sa iyong naguing paghahanap
«at ang cacanin mo,i, doon magbubuhat,
«tauong salauaha,t, laguing may causap
«caraniuang tung̃o ay sa paghihirap:

ICAANIM NA ARAL.

«Sa gaua,i, ilagui ang iyong catauan
«upan din ang sipag ang panatilihan,
«pagca't ualang tamad tayong namamasdan
«na pinulo cahit sa mumunting bagay.
«Agapang palagui na may guinagaua
«ng̃ sa catamara,i, houag cang mayaya,
«ang tauong lagui na nanacatung̃anga
«cailan ma,i, hindi magdaraang pala.

Hosted by Google

ICAPITONG ARAL.

«Gayon ma,i, houag cang maglabis na
«sa lacas na caya nĝ iyong catauan,
«at ang iyong tulog yaong cahustuhan
«nĝ hindi sa pagod icao ay mahapay.

ICAUALONG ARAL.

«Ang lubhang maraming pinapanucala
«palagui nĝ dahop macain ma,i, uala
«ang ibig sumunod sa udioc nĝ nasa
«nag cacailangan nĝ yamang sagana.
«Caya nga di dapat nasaing mabusog
«ang tacbo nĝ isip na laguing dayucdoc,
«lahat mong nasain cahit man masunod
«culang din at culang sa taya nĝ loob.

ICASIAM NA ARAL.

«Bauahan ang biro,t, salitang di ucol
«maglarong sandali at houag panayon
«sa lahat nĝ ito,i, capagca na gumon
«sa caralitaan pilit na hahantong.

ICASAMPUONG ARAL.

«Piliting iquilos ang iyong catauan
«matamlay ma,t, hindi sa Dios ialay

Hosted by Google

«cun hindi supilin lilong catamaran
«ay lalong malaqui ang pagtitiisan.

Oh mga capatid cong Filipino magsimba cayo sa mga arao ng Lingo at sa mga arao ng Fiestang tinuran sa itaas: Sapagca,t, sa di nating pagsisimba sa mga nasabing arao nagbubuhat ang pagpapadala ng Panginoón Dios ng mga parusang salot, tuyot, pagbabaca luctong at pagcacamatay ng ating mga hayop: sapagca,t, ang hindi magsimba sa mga nasabing arao ay ang casalanang hayag ng bayan caya ito namang parusang hayag sa bayan ang ipinarusa ng P. Dios. Capatid co: cung icao ay isa sa mga sauing palad na dili nagsisimba tantoin mo na icao ay isa sa mga caauay ng bayan mo na pinagagalit ang P. Dios at ng parusahan ang iyong bayan ng mga parusang ating madalas maquita dahil sa di pagsisimba natin sa mga arao na catungculan nating isimba.

ICALABING ISANG ARAL.

«Pacatandaan mo cun fiesta at lingo (1)
«icao ay magsimba,t, houag magtrabajo,
«liban sa cacanin ito,i, tandaan mo,t,
«baual na mahigpit sa taong cristiano.

Hosted by Google

«Ang nagtatrabajo cun lingo at fiesta
nasapaghihirap; caya magtanda ca
ang naghahangad da'o ng caguitna,i,
labis sasangsalop ay ang naüauala.

---

(1) Bucod sa mga arao ng lingo ay labing tatlong ang dapat ipaquinig ng boong misa at ipangilin ng mga taga rito; na cun doo,i, hindi maquinig ng misa,t, magtatrabajo ó magpatrabaho caya ay magcacasala ng casalanang mortal. Ang mga fiestang dapat ipangilin ng mga ito. Sa unang arao ng bagong taon, fiesta La Circuncisiòn del Señor. Sa icanim ng Enero, fiesta ng Epipania. del Señor. Sa icalaua ng Febrero, fiesta de La Pnrificaciòn de Nuestra Señora. Sa icadalauang puo,t. lima ng Marzo, fiesta de la Anunciación de Nuestra Señora, fiesta ng Ascención ò pag acyat sa langit ng ating Panginoong Jesucristo, Ang fiesta ng Corpus Christi. Icadalauang puo,t, siam ng junio, fiesta de San Pedro at San Pablo. Sa icadalauang puo,t, lima ng Julio, fiesta de San Santiago Apóstol. Sa icalabing lima ng Agosto, fiesta de la Asunción de Nuestra Señora Sa icaualo ng Octubre, fiesta de la Natividad de Nuestra Sra. Sa unang arao ng Noviembre fiesta de todos los Santos. Sa icaualong arao ng Diciembre fiesta de la Purísima Concepción, At sa icadalauang puo,t, lima ng nasabing buan fiesta de la Natividad del Señor

ICALABING DALAUANG ARAL.

«Pacaingatan mong lumabis sa sucat
«pagcai,t, pag-inom ng di mapahamac,
«ang sa cayamuan ay cusang pasabsab
«cahit ma,i, caloloua,i, hayop ang catulad

Hosted by Google

«Cailan ma,i, houag gagaua nğ labis
«at ito,i, dapat mong ilimbag sa isip,
«gauang calabisa,i, may dusang capalit
«ngayon, ó sa huli pilit na sasapit.

ICALABING TATLONG ARAL

«Ibagay ang damit sa lacas nğ hanap
«sa calagayan mo pagcai,i, isucat;
«ang lumalabis nga sa ugaling lacad
«tantong nalalapit sapagca baligtad.
Yaong caraniua,t, ugali sa madla
«cun magpipiguing ca,i, siyang ihahanda,
«handang di macain cahit mahalaga.
«parang bumibili nğ icapupula.
«Maquiugali ca ang siyang marapat
«maguin sa pagcain maguin sa pag-gayac
«pagca,t, ang mamucod sa mata nğ lahat
«tulad sa nagbayad nğ icalilibac.
«Lalo,t, sa mahirap ay alangang tambing
«na sa caniyang piguing ihandang pagcain
«ang di mabibili cun hindi utangin
«caya sa cáya mo,i, houag palabisin

ICALABING APAT NA ARAL

«Ingatang magaling ang laman nğ bahay
«piliting itatag boong cahusayan,
«ang magandang ayos ay siyang larauan
«nğ pusong tahimic at banal na asal.

Hosted by Google

ICALABING LIMANG ARAL.

«Sa mga pangaco,i, houag mag cuculang
«at ang pangangaco,i, iyong dadalangan;
«ang lubhang maraming pinangangacuan
«ang naguiguing tubo,i, tauaguing bulaan.

CALABING ANIM NA ARAL.

«Houag pahihibo sa pag aacala
«na ang cayamana,i, sa pagca sagana;
«caraniuan pa ngang sa ati,i, maaba
«yaong umaabot sa pag papasasa.

ICALABING PITONG ARAL.

«Sa di pag nanasa doon nagbubuhat
«ang capayapaang cayamanang uagas,
«iuacsi sa loob licong pag hahangad
«ibigui,t, tuparin sa Dios na atas.
«Ang ligaya natin ay na sa payapa
«sa hindi pag lasap ng sa mundong daya,
«supilin ang balang lihis na acala
«at paca ibiguin sa Dios na gaua.
«Pacaingatan mong nasa ay lumauig
«cun baga,t, ayao cang mag dala ng hapis
«mapalad ang ualang lubhang iniisip
«tahimic ang puso,t, tiuasay ang dibdib.

ICALABING UALONG ARAL.

«Manga cahilingan ng catauang lupa
«ituntong sa guhit iyong pag apula;

Hosted by Google

«capag binayaang umagos nĝ cusa
«guguluhing pilit ang lalong payapa.

ICALABING SIAM NA ARAL.

«Lahat nĝ mangyari sa mundong ibabao
«pahatid nĝ Dios cusang pag mamahal,
«cun ibig tangapin sucat ang ayunan
«at anoman yaon ay pasalamatan.

ICADALAUANG PUONG ARAL.

«Sa boong sang-tao,i, ipag-aayunar
nĝ mĝa tagalog ay siam (1) na arao,
ito,i, ganapin mo,t, iyong catungcula,t,
«pang-putol pa sa odyoc nĝ calupaan.

ICADALAUANG PUO,T, ISANG ARAL.

«Sa capanĝaniba,i, tantong nabibinĝit
«ang cayamua,t, masamang pag ibig,

(1) Sa pitong Viernes nang cuaresma, sa Sábado Santo. at sa Vigilia nĝ Pasco nĝ Panĝanĝanac sa ating Panĝinoong Jesucristo.

Sa boong sangtao,i, siam na arao nĝa lamang ang ating ipag-aayuno; oh mĝa iniibig cong capatid. At ¿sino caya sa atin ang di nacatatanto na iyang siam na arao ay parang anino lamang nĝ maraming arao na catungculang ipag-ayuno nĝ ating capoua cristianong na nĝa sa ibang caharian? Ipinag-aayuno nĝa nila ang apat na puong arao nĝ Santa Cuaresma, ang lahat nĝ témporas, at ang lahat nĝ Vigilia. sa bagay na ito ¿ano caya ang dapat nating gauin pagsaquitang yao,i, sundin, na tayo baga,i, mag-ayuno sa mĝa hinaharap na arao? ¡Ah! ating pagsaquitang yao,i, sundin, na tayo bagay mag ayuno sa nasabing siyam na arao; at nĝ houag tayong magcasala nĝ casalanang mortal dahil sa hindi natin pagsunod.

Hosted by Google

«hangan bago bago ay sacdal nḡ tamis
«nḡuni,t, na sa huli ang inḡat na pait.

ICADALAUANG PUO,T, DALAUANG ARAL.

«Mapalad na lubha ang tauong marunong
«na sa casalata,i, matutong umayon,
«at ang cailanḡang sa caniya ay ucol
«ay na lalaman nḡ gauin sa panahon.

ICADALAUANG PUO,T, TATLONG ARAL.

«Ang huling aral co,i, mag rorosario ca
«na sa arao arao,i, houag cang sasala,
«nḡ iyong macamtan ang tulong ni María
«Inang mapag ampon at puno nḡ gracia

Manḡa ito, aniya,i, ang cay cacang saysay
sa mḡa inauit tanḡing na gustuhan,
nḡuni.t, ang iba pang aquing na paquingan
lason sa caloloua,t, sa tainḡang banal.

Caya sinipi co aral na magaling
at dini sa dibdib sadiang itinanim,
nḡuni,t, ang masama,i, cusang itinacuil
nag madali acong iuan silang tambing.

At aco,i, nahiga na parang cristiano
di naman nalaon nacatulog aco,
nḡ aco,i, maguising mag a-alas cinco
gumising sa aqui,i, tugtog nḡ músico.

Hosted by Google

Aco ay nag bangon na parang binyagan
tuloy guinaua co tanang capansaran,
samantala naman ay aquing natanao
músico,i, na lacad casama,i, quinasal.

Tanang capansana,i, ng magaua co na
nanaog na acong tungo sa pag simba,
siya rao,i, nag tumulin ang uica ni caca
at dahil sa tacot mahuli sa misa.

Ng siya,i, mapasoc doon sa Simbahan
marami ng tauo ang caniyang dinatnan,
iba,i, nangag tayo sa dacong pintuan
ang nasa,i, maquita manga icacasal.

Ang sabi ni caca,i, siya rao,i tumindig
sa maraming tauo siya ay sumicsic,
at sa icacasal siya ay lumapit
si Neneng totoong ibig niyang mamasid.

Ng maquita niya,i, tila ma-iiyac
ang mahal na Altar siyang hinaharap,
quinacanan niya na may panyong hauac
ang cay Alambiqueng minumutyang anac.

Isang Sacerdote noong matatapos
binabasang libro,i, biglang itiniclop,
uinica cay Neneng icao ay sumagot
ang isasagot mo,i, ang taos sa loob.

At ang itinanong ¿Neneng ibig mo ba?
itong si Bebedor ang maguing asaua,
na mutla si Neneng at hindi na humumá
ng uling tanungin lalong namutla pa.

Hosted by Google

Tinanong pang uli hindi rin na imic
ang luha sa mata,i, siyang tumaguistis,
icapat na tanong bubuc-hin ang bibig,
pagdaca,i, nabual hininga,i, napatid.

Sa nangyaring ito ang ina ni Neneng
biglang na pa ¡ay! na calaguim laguim
gayon din ang ama halos himatain
sa hapis at hiyang nagca sapin sapin.

Anac ay quinalong nitong mag asaua
saca isinacay sa isang caleza,
bahay ang tinungo ang uica ni caca
at siya,i, natirang nag antay ng misa.

O mga dalaga nariya,t, inyong tingnan
ang lagay ni Neneng na cahambal-hambal
dahilan sa ama caya nagca ganiyan
¡ó mapaclang bunga ng pag lalasingan!

Sa ina ni Neneng na hirap at dusa,
at sa na pagsapit ng abang tindera,
inyo ng naquita ang maguiguing hanga
cun sa mag lalasing cayo mag asaua.

Inyo ng namasdan sa ama ni Neneng
ang asal hayop tauong mapag lasing
caniyang pagca tauo,i, naualang tambing
caya cayo ngayo,i, aquin ng lisanin.

Aquin natatantong inyong inaantay
na cayo,i, dalhin co cay Neneng na bahay
ng inyong maquita cun patay ó buhay,
datapua,t, ito,i, sa iba ng arao.

Hosted by Google

CAPITULO ÚLTIMO.

Pahabol na hatol nḡ pag irog sa mḡa mag susugal.

Sa oras na ito, bumabasang irog,
titig mo,i, tila na nag dadamdam pagod
nḡuni,t, hindi mo rin masasabing busog
sa quinathang buhay yaring aquing loob.
Caya hindi co pa uacasan ang hanḡad
nḡ pagnanasa cong gumanda ang palad
nḡ nanḡa balaho sa lusac nḡ hirap
sugal ang dahila,t, pag inom nḡ alac.
Anhin pang saysayin ang buhay nḡ lasing
parang naca burol hangang di maguising
at di catouiran ang sila,i, causapin,
caya hangang lanḡo,i, aquing lilisanin.
Cayong laguing guising at nag dudumilat
na isip sa sugal, manalo ang hanḡad,
ó mḡa sugarol na cahabag-habag,
isigla ang puso,t, dibdib ay ibucas.
At biguian nḡ daan sa pinto nḡ loob
itong pahabol cong hatol nḡ pag irog,
cun bagama,t, siquí, dahil sa himutoc
na ualang pag ita,t, halos abot abot.
Banta co,i, namasdan, sugarol cong liyag
sa quinathang buhay boo,i, iniladlad,

Hosted by Google

tanang cahirapan at na dustang palad
abang mag susugal sa baraha,i, bihag.
Nguni,t, tantoin mo, yao,i, di pag api
at di naman sulsul ng paghihiganti,
hinayang sa iyo ang namamarali
yao,i, pauang hiyao ng aquing pag casi.
Babala ng isang ualang lasong dila
at aral magulang sa anac na mutya,
ualang munting bahid ng pag alipusta
pag tapatan quita,i, siyang naca yaya.
Caya biguiang uacas ang ugaling iyan,
casuclaman mo na mga pagsusugal,
asauang lupagui sa luha at ¡ay!
sa sunong na hapis ay maibsan ibsan.
Sa laong panahon pinahirapan mo
ngayon naman sana,i, para ng balato
mag bago cang loob i-uan na ang vicio
pag sasamang punit solsiha,t, mabago.
Sa gayong caluat na icao nag tacsil
at mamaghapon ma,i, parang sangtaon din
cun magca bicio pa,i, hihiguit marahil
lalo,t, cun lipol na ang aring inanquin.
Gayon na casamá ang iyong paquita
ualang iguinanti cun di luha niya,
ngayon naman aquing sugarol na sinta,
oras ng ang vicio,i, quitlan ng hininga,
At cun magca gayon ay titighao tighao
ang iyong asauang parang bagong buhay

Hosted by Google

pag sasama ninyo,i, muling madarangal
sa harap nǧ Dios at nǧ tauo naman.

Pangatauanan mo sugarol cong irog
itong iyong bagong pag babalic loob
mga anac mo rin, sanhi nǧ pag luhog
nitong namuhunan nǧ camunting pagod.

Cun sila,i, mag aral pilit na gagasta,
cahit pamuchacho, libro,i, bibilica,
sarisaring gugol hangang sa mag misa,
mag abogado ma,i, cailanga,i, cuarta.

Cahit lumabas mga matalinong isip
cun di mag aaral ualang masasapit,
pag aralin naman ay ualang masaguip
na sucat magasta; sugal ang sumipsip.

Hindi man mag aral pilit gagastahan
cun dumarating na ang capanahunan,
mag aasaua rin cun siya,i, may buhay
at ipalilibing cun baga,t, mamatay.

At ang lalong hirap cun icao,i, tumanda
mag casaquit cayang sa banig mahiga,
asaua mo,t, anac ¿papaano caya
cun nagugutom na,t, macain ay uala.

At bucod sa rito tantoin mo naman,
bucas, macalaua,i, icao,i, mamamatay,
sa oras na yaon iyong mamamasdan
ang mga sala mong sa sugal bumucal.

Sa pag susugal mo caya na pahamac
anac mong dalaga na nasauing palad,

Hosted by Google

puri ng̃ bunso mo sa minsang mabasag
cahit ca manalo,i, di na malalapat.
Manong iyong ticman, sugarol cong guilio
hatol co sa iyo, mula ng̃ayo,i, sundin,
talicdan ang sugal balon ng̃ hilahil
at ng̃ dalita mong nagca sapin-sapin.
Parahin mo nang̃a, sugarol cong liyag
sa palarang aua,t, pabalatong habag,
sa hihibic-hibic at nag si si iyac
na mg̃a anac mong di macapang̃usap'
Alalahanin mo sugarol cong ibig
hindi cami lamang ang mg̃a hahapis,
ititig ang mata ng̃ dilát mong isip
sa Vírgeng María Inang na sa Lang̃it.
Nahahapis siya,t, ualang ibang dahil
cun di ang lagay mo na calaguim laguim,
cun tura,i, sinacop ni Jesus na guilio
hangang sugarol ca ay ca-auay mo rin,
Pahirin mo na ng̃a sugarol cong sinta
luhang dumadaloy ng̃ Vírgen María,
mula baga ng̃ayo,i, ay pandirihan na
ang luma at bagong pinta ng̃ baraha.
Ang cusang lumulong sa capang̃aniban
ay sa pang̃anib din yaon mamamatay,
caya mula ng̃ayo,i, iyo ng̃ ilagan
ang mg̃a sugarol na dating ca-acbay.
At cun magca gayo,i, tuloy mag compisal
ualang liuag liuag na iyong cacamtan,

Hosted by Google

Imprenta, Libreria at Papeleria

NI

J. MARTÍNEZ

Daan Calderón de la Barca, bilang 263 at sa Jòlo, bilang 310.-Binundoc.

Ipinagbibili sa LIBRERIANG ito ang mga sumusunod na aklat sa uicang tagalog:

Buhay ni Rodrigo de Villas.
„ „ Aladino.
„ „ Billarba.
„ „ Baldobino.
„ „ Julieta at Romeo.
„ „ Florante at Laura.
„ „ Ibong Adarna.
„ „ Dr. José Burgos.
„ „ Alejandre D. Luis.
„ „ Bernaldo Carpio.
„ „ Sigesmundo
„ „ Santa Ana.
„ „ Almanzor.
„ „ Salomón.
„ „ Medalla de Oro (3)
„ „ Esopo.
„ „ Igmidio.
„ „ Pantinople.
„ „ Tiñoso.
„ „ Jaime del Prado.
„ „ Leopoldo,
„ „ Tablante.
„ „ Juan Patay.
„ „ Blanca Flor.
„ „ Jacobina.
„ „ Floro Clavela.
„ „ Reina Ester.
„ „ Bertong laseng.

Buhay ni Manrique
„ „ Floriño.
„ „ Reyna Mora.
„ „ Pitong Infante.
„ „ Ludovico.
„ „ Cabayong Tabla.
„ „ Celira.
„ „ Juan Bachiller.
„ „ Beata María.
„ „ Beatriz.
„ „ Sta. Regina.
„ „ Sta. Isabel.
„ „ Tatlong Numero.
„ „ D.ª Marcela.
„ „ D.ª M.ª sa Ahas.
„ „ Florentina.
„ „ Juan at María.
„ „ Dama Inés.
„ „ Isabela.
„ „ Oliveros.
„ „ Gimeno.
„ „ Felizardo.
„ „ Totoo at Sinu.ling
„ „ Cricelda.
„ „ Doce Pares.
„ „ Dr José Rizal.
Sta. Religion 1.º at 2.º tomo
N.ª S.ª de la Paz sa Antipolo

Pagsusulatan ng dalauang Bb. na si Urbana at ni Feliza.